

# PAGKAUHAW



Salamat sa iyo, Kapatid na Mack. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Magandang gabi, kaibigan. Isang pribilehiyo na maparito ngayong gabi. Ito ang aking ikalawang beses na makaparito sa Grantway Assembly na ito, kasama ng aking mahal na Kapatid, si Mack, at lahat nitong mabubuting kawani rito, at ang mga nakibahaging Cristiano mula sa iba't ibang iglesia, si Kapatid na Lee Vayle. At akin lamang nakilala ang isang kapatid na lalaki rito, na, isang—isang matalik na kaibigan ni Kapatid na F. F. Bosworth, at ni hindi man lamang alam na si Kapatid na Bosworth ay sumakabilang-buhay na upang makatagpo ang Panginoon. Sabi ko, “Pakiramdam ko’y nakilala ko ang Eliseo na nagbuhos ng tubig sa mga kamay ni Elias,” nang sila’y nasa ibang bansa at hindi alam na ang Kapatid na Bosworth ay sumakabilang-buhay na upang makatagpo ang Panginoon, sa edad na walumpu’t apat.

<sup>2</sup> Ngayon nais kong batiin ang mga kaibigan na nasa linya ng telepono ngayong gabi, sa buong bansa, magmula sa California hanggang sa New York, at sa Texas at—at sa mga iba’t ibang bahagi ng bansa, mula sa Maine hanggang sa California. Kaya, tayo’y may isang—isang sistema sa pagkonekta sa mga teleponong ito, na naging isang malaking pagpapala. At ngayon ating nauunawaan, sa pamamagitan ng ating butihing kapatid, si Kapatid na Peary Green, na sila’y may isang—isang maliit na kasangkapan na maaari nilang ilagay sa inyong telebisyon, at hindi lamang ito sa telepono kundi ito’y mapapanood mismo mula sa inyong telebisyon, din. At kanilang napapanood ito ngayon.

<sup>3</sup> At, Kapatid na babaeng Mack, ako’y nagagalak na makita kang nasa mabuting kalagayan, nakaupo rito sa may organo, ngayong gabi. At marami sa aking mga kaibigan ang nakikita ko mula sa Sierra Vista, at si Kapatid na Borders. . . o Kapatid na Roberson, pala, mula sa Indiana; marami. Gusto kong sabihin sa mga kapatid diyan sa tabernakulo, ngayong gabi, para bang ang kalahati sa kanila ay naririto, at mula sa tabernakulo sa Jeffersonville.

<sup>4</sup> At sa aking kaibigan banda riyang, si Kapatid na Kuhn, ’yung patungkol sa iyong itinawag, tungkol doon sa may sakit, na kahilingan. Ako’y nananalangin para rito, Kapatid na Kuhn. Manampalataya ka lamang. Huwag kang mag-alala. Ito’y magiging mabuti.

<sup>5</sup> At sa dako ng Texas, si Kapatid na Blair, kung nakikinig ka ngayong gabi, kapatid ko, alalahanin mo lamang ito; na ang Dios

na nagdala sa 'yo noong una, ay kaya kang dalhin sa pangalawa. At kami'y nananampalataya na ipagkakaloob ng Dios ito sa iyo. At huwag mong paniniwalaan ang kasinungalingan ng Diablo patungkol sa anumang bagay. Tandaan mo lamang na ang Dios ay Dios, at mayroon. . . at Siya ay nananatili pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. At minamahal natin Siya at sinasampalatayanan Siya, at kami'y nananalangin para sa iyo.

<sup>6</sup> Sa lahat ng aming mga kaibigan sa California; kay Kapatid na Mercier at sila na nasa dako rito sa Arizona, marami pang ibang lugar, sa Phoenix; at si Kapatid na Williams, at kayong lahat na nakikinig diyan ngayong gabi, sa lahat ng dako, kami'y talagang lubos na nagpapasalamat; at doon sa Georgia. At kami'y tunay na nagpapasalamat para sa bawa't isa sa inyo. Pagpalain kayo ng Panginoon.

<sup>7</sup> Aking nadarama ang tunay na pagtanggap dito ngayong gabi, sa mainam na iglesiyang ito, ang Assembly of God dito sa Grantway, at kasama si Kapatid na Mack, ang aking mabuting kaibigan. Pinagpala ng Dios si Kapatid na Mack. Naaalala ko minsan sa Canada, na siya noon ay. . .aking tinutunton noon ang landas pabalik, sakay sa isang kabayo, sa dako roon sa mga kagubatan, at ang Espiritu Santo ay nangusap sa akin na bumaba at ipanalangin si Kapatid na Mack. Nang panahon na 'yon siya ay nasa malalang kalagayan, at ang Panginoon ay pinagaling siya. At kaya nga ako'y lubos na nagpapasalamat para roon, at na magkatipon dito ngayong gabi kasama siya, upang sambahin ang Panginoon sa mainam na Katotohanang ito.

<sup>8</sup> Isang lalaki na nakaupo sa plataporma, sa likuran ko, ay nagsabi, "Palagay ko ay hindi mo ako nakikilala." Sabi, "Minsan ay isinakay mo ako, na nakikisakay sa mga nagdaraang sasakyan," at, hindi ko alam, sa isang lugar doon sa Boston o saan man, "Detroit, na nakikisakay."

<sup>9</sup> At sabi ko, "Buweno, palagi kong sinisikap na iabot ang aking kamay, kung kaya ko, sa mga nangangailangan."

<sup>10</sup> At kaya nga, ngayong gabi, tayong lahat ay nangangailangan. At ating idinadalangin na iaabot ng Dios ang Kaniyang kamay ngayong gabi, ng pagtulong, ng mga pagpapala, at ng Kaniyang biyaya at kahabagan.

<sup>11</sup> Ngayon, ako'y medyo palagiang nangungusap nang matagal, nguni't sisikapin ko na huwag gawin 'yon ngayong gabi. Dahil sa, ang mga tao roon sa Ohio ay katatawag lamang, si Gng. Dauch at ang grupo roon, sina Kapatid na McKinney at Kapatid na Brown, at lahat sila ay nakikinig sa Ohio. Ipinapaabot namin ang aming pagbati, rin naman. Masyado nang gabi doon sa New York, at sa palagay ko'y nasa mga alas onse o alas dose, sa oras na ito, sa New York. At ang mga iglesia ay dumating at naghintay hanggang sa oras na ito, para lamang sa gawain. Kami

ay nagpapasalamat para sa mabubuting mga kaibigan palibot sa lahat ng dako.

<sup>12</sup> Ngayon bago natin buksan ang Salita, tayo lamang ay makipag-usap sa May Akda, panandali, habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo.

<sup>13</sup> Minamahal na Amang Makalangit, kami ay...ang aming mga puso ay umaapaw sa kagalakan, para sa prebilehiyo namin na kami'y nabubuhay rito ngayong gabi, at nagkakatipon-tipon kasama ang Iyong mga tao. Mga tao...at na aming pinaniniwalaang mabubuhay magpakailanman. Taglay namin ngayon ang Buhay na Walang Hanggan, dahil, "Iyong ibinigay ang bugtong Mong Anak, upang ang sinumang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na walang hanggan." Sa Kaniyang paglalakbay rito sa lupa, itinuro Niya sa amin, "Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at hindi papasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Kabuhayan mula sa kamatayan, sapagka't kami ay nananampalataya sa bugtong na Anak ng Dios." Kung gaano Ka naming pinapasalamat para rito sa dakilang Tagapagligtas! At dalangin namin, sa gabing ito, na ang Kaniyang dakilang Presensiya ay lubos na pagpalain kaming lahat rito, habang binabasa namin ang Kaniyang Salita at mangusap patungkol Dito. Hayaang ang Espiritu Santo ay dalhin 'yan sa bawa't puso sa lahat ng dako ng bansa, Panginoon, saanman nagkakatipon-tipon ang mga tao.

<sup>14</sup> Pagpalain ang mga ibang ministro na nangasa pulpito. Aming dalangin, Ama, na Iyong pagpapalain ang Grantway Assembly na ito; ang pastor nito, ang kaniyang maybahay, ang kaniyang mga anak; ang mga diakono, mga katiwala, at lahat ng sanggunian. At, Ama, sama-sama nawa kaming gumawa para sa Kaharian ng Dios, habang sapat ang Liwanag upang makita kung saan kami nangaroroon, sapagka't dumarating ang oras na wala nang taong makagagawa. At, Ama, habang mayroon kaming ganitong prebilehiyo, nawa'y aming—nawa'y aming samantalain ang panahon, Panginoon. Nawa'y aming, maipagkaloob 'yon sa amin. Pagalingin ang mga may karamdaman at ang mga napipighati sa lahat ng dako ng bansa. Nawa ang Presensiya ng Dios ay maramdaman sa bawa't dako at sulok ng bansa, sa gabing ito.

<sup>15</sup> Aming napagtatanto na ang kahatulan ay nagaganap. Malalaking bitak sa ilalim ng lupa ay gumuguho, at ang bansa ay nayayanig, at mga lindol sa iba't ibang dako. Dakilang makasaysayang mga bagay na aming narinig nang mga panahong lumipas, ng paghatol, sa pamamagitan ng Biblia, at nakikita namin itong nauulit muli sa araw na ito. Ang propesiya na nagsasabi, "At kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Noe, ay gayon din naman sa pagparito ng Anak

ng tao. Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot, gayon din naman ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng tao,” at nakikita naming nagaganap ito ngayon. “Ang mga puso ng tao’y nanlulupaypay; kabalisahan ng panahon; kasalatan sa gitna ng mga bansa.” Dios, alam namin na kami’y nasa mga huling panahon na.

<sup>16</sup> Tulungan Mo kami, Panginoon, na—na dalhin ang Mensahe sa bawa’t dako at sulok, sa bawa’t anak na itinalaga Mo sa Buhay. Ipagkaloob ito, Panginoon. Aming hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen. Panginoon, pagpalain ngayon ang pagbasa ng Kaniyang Salita.

<sup>17</sup> Ngayon marami sa inyo ang gusto na para bang tingnan sa Biblia, kung saan ang binabasa ng ministro. At gusto kong bumasa ngayong gabi, ng ilan, tatlong talata mula sa Mga Awit, Mga Awit 42, para lamang sa paraan ng pagkakaroon ng teksto. At ako’y may ilang mga Kasulatan na isinulat dito, at gusto kong tumukoy sa kanila, kung magagawa ko, habang tayo’y nagpapatuloy sa mga sumusunod na ilang minuto, upang mangusap sa paksang ito. Ang Awit ni David. Si David ang sumulat sa Mga Awit.

<sup>18</sup> Ngayon habang kayo’y nagbubukas, maaari kong sabihin ito. Maraming tao ang nagsasabi, “Buweno, ang Mga Awit ba ay kinasihan?” Tunay, kinasihan nga. Sila’y . . .

<sup>19</sup> Ano man na—na nasa Bibliang ito ay kinasihan, maging ito ma’y kasaysayan, maging ito ma’y mga awitin, ano man ito. Ito’y kinasihan. Sinabi ni Jesus, “Hindi ba ninyo nabasa kung ano ang sinabi ni David sa Mga Awit?” At pagkatapos ay naisip ko, Mga Salmo, siyempre, mga awitin. At kung ang mga awitin ay kinasihan ng Dios, na, pinaniniwalaan kong kinasihan nga sila, at nagpropropesiya din, ako’y umaasa na nakatayo ako sa araw na ’yon kapag ang awitin na ito’y nagaganap.

Magkakaroon ng pagtatagpo sa alapaap,  
 Doon sa kay inam, kay inam na darating na  
 panahon;  
 Makikita kita, at babatiin kita sa dakong ’yon;  
 Sa Tahanang ’yon doon sa kalangitan;  
 Anong inam na awitan na narinig kailanman,  
 narinig kailanman ng pandinig na mortal,  
 Magiging maluwalhati, aking inihahayag!  
 At ang mismong Anak ng Dios ang Siyang  
 mangunguna  
 Sa pagtatagpo sa alapaap.

Oh, aking—nais kong nandoroon ako sa oras na iyon!

<sup>20</sup> Ngayon Mga Awit 42.

*Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa iyo, Oh Dios.*

Kinauhawan ng aking kaluluwa *ang Dios, ang buhay na Dios: kailan ako paririto at haharap sa Dios?*

*Ang aking mga luha ay naging aking pagkain araw at gabi, habang ang aking . . . habang kanilang sinasabing lagi sa akin, Saan nandoon ang iyong Dios?*

<sup>21</sup> Palagay ko, si David, sa pagsusulat sa Awit na ito, marahil ay nasa kagipitan. At kadalasang kinakailangang dumanas ng kabalisahan upang mailabas ang pinakamainam sa tao. Ito, totoo, 'yan ay kung kailan ang Dios. . . ay bumababa kung tayo'y nag-aayuno, maraming beses, upang ilagay ang ating sarili sa kalalagayan na alisin ang ating sarili sa daan. At palagay ko, nang si David ay napasa kalalagayang ganito, nang magkaganoon ay nagsimula siyang magbulay-bulay sa Panginoon, nagsimulang mag-isip tungkol sa mga bagay-bagay.

<sup>22</sup> Maraming beses, inilalagay tayo ng Dios sa—sa mga mahihigpit na sitwasyon kung saan kailangan nating tumingala. Kung minsa'y kailangan pa tayong maratay sa ospital, o sa highaan kung saan, upang tayo'y tumingala para makita kung saan nanggagaling ang mga dakilang pagpapala ng Dios.

<sup>23</sup> Ngayon ang salita na nais kong ipangusap ngayong gabi, isang salita mula sa Biblia, at 'yan ay matatagpuan sa ika-2 talata, “pagkauhaw,” ang salitang: *Pagkauhaw*. Ako'y tumingin sa diksyunaryo noong hinahanap ko ang kahulugan ng salitang ito.

<sup>24</sup> Iniisip ko ang isang—isang sermon minsan, na aking ipinangaral sa *Pagkauhaw Para Sa Buhay*. At hinango ko ito sa Mga Awit, rin, nang sabihin ni David, “Ang Iyong mga palatuntunan,” naniniwala ako, “ay higit na mahalaga sa akin kaysa buhay.”

<sup>25</sup> Pagkatapos aking tinitingnan at iniisip ang tungkol sa salitang 'yon “pagkauhaw,” kaya naghanap ako sa diksyunaryo, upang tingnan kung ano ang kahulugan nito. At heto ang sinasabi ni Webster, “Ito ay isang masidhing pagnanasa,” isang masidhi, kung may bagay na gustong-gusto ka hanggang sa 'yon ay nagiging masakit sa loob para sa iyo.

<sup>26</sup> Ngayon, ito'y—ito'y hindi isang di-likas na bagay, ang mauhaw. Ang pagkauhaw ay isang—isang likas na bagay. Ito'y isang bagay lamang na ibinigay ng Dios sa atin, na nararanasan natin, upang bigyan tayo ng isang—isang pagnanasa para sa isang bagay. Minsan ang Dios, din, ay nagbigay sa iyo ng isang—isang tore ng pagkuntrol, isang bagay na nasa kalooban mo, na—na kumokontrol sa mga iba't ibang pagnanasang ito. At ang pagkauhaw na ito, ang pagkuntrol na ito na nasa puso ng isang tao, ay isang bagay na ibinigay ng Dios sa kaniya upang—upang magbabala sa kaniya sa mga pagnanasa na kinakailangan niya.

<sup>27</sup> Ngayon may dalawang magkaibang uri ng pagkauhaw. May pagkauhaw, pampisikal. At may pagkauhaw, din, pang-

espirituwal. Gusto kong basahin ito, kung ano ang sinabi ni David, muli.

*Kinauuuhawan ng aking kaluluwa ang Dios, ang buhay na Dios: . . .*

<sup>28</sup> Hindi kung anong makasaysayan, o isang bagay na nangyari ilang taon na ang nakararaan, o—o isang kuwento na sinabi ng sinuman; kundi, “ang buhay na Dios,” isang Dios na laging nariyan. At ang kaniyang kaluluwa ay nauhaw sa Dios na iyon, hindi para sa isang makasaysayang bagay.

<sup>29</sup> Ngayon ating nalaman, ibinibigay ng Dios ang tore ng pagkontrol sa inyo, upang ibigay sa inyo ang mga bagay na kailangan n’yo. Ngayon, ang tore ng pagkontrol na nasa inyo ang gumagabay sa inyo. At ang pagkauhaw na ito ay tumatakbo rito sa ma- . . . tore, tore ng pagkontrol, at nagsasabi sa inyo kung ano ang pangangailangan n’yo, sa espirituwal na pangungusap. Ang tore ng pagkontrol sa katawan, at sa kaluluwa, rin. May tore ng pagkontrol sa katawan, na nagsasabi sa inyo ng pangangailangan na kinakailangan ng inyong katawan, at ito’y ipinabatid sa inyo sa pamamagitan ng pagkauhaw. Gayun din naman, may tore ng pagkontrol sa inyong kaluluwa, na nagsasabi sa inyo ng mga espirituwal na mga bagay na kailangan ninyo, isang bagay sa inyong espiritu, at, at kayo sa pamamagitan nito ay makapagsasabi kung anong uri ng buhay ang kumukontrol sa inyo.

<sup>30</sup> Kung inyo—kung inyong nakikita kung ano ang inyong mga pagnanasa, kung ganoon masasabi n’yo, sa pamamagitan niyan, kung anong uri ng bagay ang nasa inyo, na lumilikha ng pagnanasang ito na meron kayo. Kita n’yo, may isang bagay na kinauuuhawan kayo, at ito—at masasabi nito sa inyong kaluluwa kung ano ang pagnanasang ito, sa kalikasan ng pagkauhaw na meron kayo. Umaasa akong nauunawaan n’yo ’yan.

<sup>31</sup> May isang—isang tore ng pagkontrol sa kaluluwa, at isa para sa katawan, at bawa’t tore ay tagapagbigay-babala para sa mga pangangailangan ng bawa’t isa. Bawa’t isa ay sumasagot sa pangangailangan kung ano ang kinakailangan ng tumatawag, ito ay naghahatid sa hudyat ng babala.

<sup>32</sup> Halimbawa, ang—ang laman ay nauhaw upang tugunan ang pangangailangan ng katawan, at ang espiritu ay nagnanasa ng mga bagay na nasa kaluluwa, na paghahangad, at maraming pagkakataon naglalaban ang mga ito sa isa’t isa. Ating nakita roon, anong napakalaking kaguluhan sa araw na ito, na napakaraming tao ang sinisikap na mabuhay sa gitna ng dalawang pagnanasang ’yon. Sapagka’t, ang isa sa mga ito’y nagnanasa ng mga bagay ng sanlibutan; ang isa’y nagnanasa ng mga bagay ng Kalangitan.

<sup>33</sup> Gaya ng sinabi ni Pablo, inilalarawan sa Mga Taga Roma 7:21, “Kung ibig kong gumawa ng mabuti, ang masama ay

malapit sa akin.” Kapag sinisikap n’yo, nagkaroon na ba kayo ng ganoong karanasan, mga Cristiano? Na kapag inyong sinisikap na gumawa ng isang bagay na kasiya-siya, magsikap na gumawa ng isang bagay na mabuti, pagkatapos malalaman n’yo na naroroon ang Diablo, sa bawa’t pagkakataon, para lang guluhin kayo, ang lahat na inyong . . . At ’yan ay isang mabuting bagay, ’yan. Gusto kong sabihin ito, para malaman ng mga Cristiano. Na kung kayo ay-kung sinisimulan ninyong gawin ang isang bagay, at may isang bagay na laging gusto kayong guluhin sa paggawa nito, gawin pa rin ninyo ito. ’Yan ang Diablo, na pumipigil sa inyo na gawin kung ano ang tama.

<sup>34</sup> Ngayon, maraming beses, nakikilala ko ang mga taong medyo madaling magnerbiyos. Kapag nakita nilang sila’y nagsisikap na gumagawa ng isang bagay, at—at lahat ng bagay ay sadyang hinahadlangan ito magkabilaan, sinasabi nila, “Ito marahil ay hindi kalooban ng Panginoon.” Kita n’yo? Ngayon huwag n’yong hayaan na pagsinungalingan kayo ng Diablo tulad niyan.

<sup>35</sup> Ang unang bagay, ay alamin kung ito’y kalooban ng Dios, o hindi. At pagkatapos kung gusto n’yong malaman kung ito’y kalooban ng Dios, tingnan sa Biblia. Hayan ang bagay na—na nagtutuwid sa inyo, ay ang Salita ng Dios; at pagkatapos kung nakita n’yong ito’y nasa Salita ng Dios, para gawin n’yo ito.

<sup>36</sup> Tulad, halimbawa, paghahangad para sa bautismo ng Espiritu Santo. Maraming beses, nakasalamuha ko ang mga tao, nagsasabing, “Buweno, hinanap ko na ang Espiritu Santo, at sadyang hindi ako makatanggap Nito. Hindi ako naniniwalang Ito’y para sa akin. Sa tuwing ako’y lumuluhod, ako’y nagkakasakit. At ako’y mananalangin, kung ako’y nag-aayuno, ako’y nagkakasakit. At kung tinatangka kong manatili buong gabi, manatiling nakagising, ako’y lubhang inaantok. Ako—ako’y hindi makatayo sa aking mga paa.” Tandaan, ’yon ay ang Diablo. Dahil, kalooban ng Dios na mapasaiyo ang Espiritu Santo. Ito ay para sa kanino mang may ibig.

<sup>37</sup> Maraming beses n’yong nasusumpungan, kapag kayo’y ipinanalangin, sa isang pagtitipon, para sa Banal na pagpapagalang, pagkatapos sa susunod na araw nasumpungan n’yo, walang pag-aalinlangan, na ang Diablo ay makalawang beses pa itong palalalain kaysa nang araw bago maipanalangin. Kita n’yo? Tandaan, ’yon lamang si Satanas na sinisikap kayong hadlangan sa pagpapala na inilaan ng Dios para sa inyo. Kita n’yo? Huwag ninyo pakinggan ’yon. Kita n’yo? Laging magpatuloy lamang.

<sup>38</sup> Ako’y nagkaroon ng isang karanasan sa ganiyan kamakailan lamang sa daan patungo sa Africa. Kung mayroon mang panahon na ang Diablo ay pinahirapan ako, ay sa pagtungo sa Africa nitong huli. Ito ay naging isa sa—sa mga pinakamainam

na pagtitipon at panahon na ako kailanman ay nagtungo sa ibang bansa. Ako ay, naniniwala ako, mas maraming nagawa sa kaunting panahon na iyan na ako'y naroon, liban pa sa aking pangangasong paglalakbay, kaysa sa anumang nagawa ko na. Aking iniisip noon pa na ayaw ng mga iglesiang 'yon na ako'y magtungo roon, at nalaman kong. . . Nakatanggap ako ng liham galing sa isang tao, na ganoon nga, oh, ayaw nila akong magtungo roon, ang buong samahan; at nalaman kong ito'y isang tao, na may letterhead mula sa isang organisasyon, na nagsabi, "Hindi ka namin gusto," ang ibig niyang sabihin ay siya at ang kaniyang pamilya. Kita n'yo? Kaya nga nang ako'y nagtungo roon. . . Kita n'yo, "kami" lang, 'yon ay siya at ang kaniyang pamilya; at hindi ang mga tao, talaga. Kaya, ngayon ito'y malawak na lugar na nabuksan para sa atin.

<sup>39</sup> Nakita n'yo, nang sabihin ni Pablo, "Kung ibig kong gumawa ng mabuti, ang masama ay malapit sa akin."

<sup>40</sup> Hayaan ninyong ang isang bagong hikayat ang pumarito ngayong gabi sa altar, saan man dito sa tabernakulo, o—o sa kabilang ibayo ng bansa; at tandaan n'yo lamang, kinabukasan, si nanay ay magiging mas magagalitin kaysa noong una, si tatay ay magiging ganap na di-nasisiyahan, at ang lahat ng mga kamag-aaral. At ang lahat ay sadyang hindi maganda ang nangyayari, dahil sa ito'y si Satanas na tinatangang ibalik ka sa dati. Kaniyang sinusubukan na alisin ka sa Daan. "Kung ibig kong gumawa ng mabuti, kung magkagayon ang masama ay laging nasa malapit."

<sup>41</sup> Ngayon tingnan natin ang pagkauhaw, at tingnan natin kung ang pagkauhaw ay isa ngang likas na bagay. May mga taong nakapagsabi sa akin, "Oh, hindi ako kailanman. Palagay ko'y ito'y para sa ilang tao lamang na gustuhing maging mga Cristiano." Oh, hindi. 'Yan ay mali. Sa katunayan ito'y isang bagay na kasama sa bawa't tao. Ito'y talagang totoo. Nang tayo'y napadpad sa bansang ito noong mga unang panahon, natagpuan natin ang mga Indian dito. At ang mga Indian, bagama't sila'y pagano nang mga panahong iyon, kanilang sinasamba ang araw o isang bagay. Hangga't sila'y mga tao, may isang bagay sa kanila, isang likas na pagkauhaw, tumatawag sa Dios, kung saan.

<sup>42</sup> Doon sa mga kagubatan, kailan lang naparoon, apat na raan at walumpung milya mula sa pinakamalapit na sibilisasyon, isang munti, maliit na bayan na may mga nasa tatlong libong tao, ng Beira, sa Mozambique. Nakatagpo kami ng mga katutubo na hindi man lang. . . hindi pa kailanman nakakita ng puting tao. Nakita ko ang isang katutubong batang babae, siya'y hindi nakadamit, (madalang sa kanila ang nakadamit), at siya'y nakaupo sa itaas ng isang puno. At aking sinusundan ang leon, at nagkaroon. . . ako'y nakarinig ng isang gaya ng isang tao, sumisigaw. Itong katutubong batang babae na nakaupo roon sa



itaas, nanlalaki ang mata, tangan ang isang sanggol. At kung ano ang kaniyang kinatatakutan. . . Iyon lamang ang kaniyang tanging proteksyon, ay umakyat sa itaas ng isang puno, mula sa leon, leopardo o isang bagay, o isang hayop. At nakita niya ako, at narinig na 'yon ay isang tao, nguni't nang siya'y tumingin at nakita ang isang puting tao! Hindi pa siya kailanman nakakita ng isa sa kaniyang buong buhay, kita n'yo, at siya'y halos mamatay sa takot. Kita n'yo?

<sup>43</sup> Nguni't nang aming nakita ang mga taong 'yon, maging sa kalalagayan sinauna roon, sila pa rin ay sumasamba. Bago namin pinapasok ang leon, ibinuhos nila ang ilang butil ng mais ('yon ang kanilang kinakain) sa isang maliit na dahon, at ipinalapak ang kanilang mga kamay, at tumawag sa espiritu ng kung anong makapangyarihang bagay na hindi nila alam kung nasaan (tulad sa isang patrong santo o isang bagay, sa isang Katoliko), upang pangalagaan sila, na hindi sila mapatay sa oras ng pagsalakay ng leong ito.

<sup>44</sup> Kita n'yo, ito'y isang bagay na likas. Hindi isang di-likas na bagay ang mauhaw sa Dios. Ito'y isang likas na bagay. Ito'y isang bagay lamang na kailangan mong gawin. Ang Dios ay nilalang kang ganoon. At ito'y hindi lampas sa kakayahang pantao, ito lamang sa katunayan ay isang karaniwang tao. Ito'y hindi lamang natatangi para sa ilang tao.

<sup>45</sup> Sinasabi nila, "Buweno, nakakita ako ng mga ilang taong namumuhay ng isang—isang napakamapagpunyaging buhay, na sila'y laging nasa mataas na kalalagayan, sila'y nagpupuri sa Dios. Sana'y maramdaman ko ang ganoon." Buweno, ang dahilan na nararamdaman n'yo ang gayon, ito'y ang pagkauhaw na nasa inyo. At ito'y isang likas lamang na bagay. Ito'y para sa bawa't tao, na mauhaw sa Dios.

<sup>46</sup> Ngayon ating tatalakayin ang ilan sa natural. Ang pagkauhaw ay una. Ating talakayin, halimbawa, ang pagkauhaw sa tubig. Tulad ng sinabi ni David dito, pagkauhaw para sa, sa "tubig." Pagkauhaw sa tubig, ang katawan ay nangangailangan ng tubig. At kung hindi mo tutugunan ang pagkauhaw na 'yan, ika'y mamamatay. Ikaw ay mauubusan ng tubig sa katawan, at ika'y—ika'y hindi mabubuhay. Kung hindi mo matutugunan ng tubig ang pagkauhaw na 'yon, para patirin ang pagkauhaw ng pisikal na katawan ika'y pagdakang mamamatay. Hindi ka mabubuhay nang matagal. Ika'y mabubuhay nang mas matagal-tagal na walang pagkain kaysa wala kang tubig. Dahil sa, makakapag-ayuno ka ng apatnapung araw (nagawa ni Jesus), sa palagay ko, walang—walang pagkain, nguni't hindi ka magtatagal ng gayon na walang tubig. Ikaw lamang ay matutuyuan at mamamatay. Ikaw kailangan may tubig. At—at ang pagkauhaw na dumarating sa inyo, aba, ito'y upang ipakita na ang katawan ay nangangailangan ng isang bagay, upang mapanatili itong buhay. Ang katawan ay

kailangang magkaroon ng tubig, upang manatiling buhay. Ikaw ay walumpu-pataas na porsiyento ng tubig at petroleum, gayon man, at kailangan mong gamitin ang mga pinagkukunang ito, upang manatili kang buhay. Tulad ng sinabi ko, kung ipinagwalang-bahala mo ito ika'y mamamatay.

<sup>47</sup> Ang pagkauhaw din naman ay hudyat. Ito'y isang orasang naghuhudyat, ang pagkauhaw na 'yon. Ang kaluluwa ay naghuhudyat, isang maliit na umuugong sa kalooban mo na nagsasabi sa iyo na ang kamatayan ay nasa paligid-ligid na. Na, kung hindi ka magkakaroon ng tubig kaagad-agad, ika'y siguradong mamamatay. At ito'y papalakas nang papalakas, hanggang sa wakas iyong laging ipinagpapaliban ito at ika'y mamamatay, dahil sa ito'y orasang naghuhudyat.

<sup>48</sup> Tulad ng inilarawan ni David dito sa Mga Awit, “Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa iyo, Oh Dios.” Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng batis!

<sup>49</sup> Madalas ko noong maisip, habang binabasa itong kay David. Si David ay isang manggugubat, isang mangangaso. At siya'y nangangaso ng usa, mangyari pa. At marami sa atin, sa panahong ito, ang nangangaso ng mga 'yon. At ang lalaking usa ay isang usa.

<sup>50</sup> At nakita namin, kung nakakita na kayo ng mga aso, ang mga mabangis na aso ay sasagpangin ang isang usa. At kadalasan meron sila, gaya ng coyote, isang pangil. At kaya niyang sagpangin ang usa mismo sa itaas ng likuran ng tenga, *rito*, at ugoyin ang kaniyang timbang. Kaniyang sinasagpang ang lalamunan ng usa, at ang usa ay wala nang pagkakataon kung gayon. Nguni't minsan ang—ang—ang aso, tulad sa Africa roon, ang mabangis na aso ay sasagpangin ang usa mismo sa tagiliran, kung di niya natatamaan ang lalamunan. Siya'y sasagpang, sa ikalawang pagkakataon, sa tagiliran. At kung ang usa ay may sapat na lakas at may sapat na liksi, maaari niyang yugyugin ang aso para maalis.

<sup>51</sup> Ang usa ay lalong mas mabilis. Sinusundan siya ng aso kapag hindi siya nakatingin, at kapag siya ay naaamoy pa nito, at—at siya—hindi niya alam na ang—ang aso ay malapit na.

<sup>52</sup> At pagkatapos, kapag sinagpang siya ng mabangis na aso, kung siya ay talagang maliksi, kaya niya itong yugyugin paalis. At, nguni't kapag nasagpang ng aso ang tagiliran, siya ay makakakuha ng isang subong laman ng usa. O, kung siya ay sasagpang sa kaniyang batok minsan, siya'y kakagat malapit sa ugat sa lalamunan, at di niya ito tamaan. At ang usa, niyuyugyog siya, ay hihilahin ang isang malaking piraso ng karne mula sa lalamunan ng usa, pagkatapos ang dugo ay magsisimulang umagos.

53 At pagkatapos susundan ng aso ang bakas ng dugong 'yon, susundan ang usa. At habang ang buhay ng usa ay pahina nang pahina, habang ang dugo, na siyang dumadaloy na buhay sa katawan, habang 'yon ay magsimulang maubos, ang usa ay manghihina. Ang aso sa gayon, o ang lobo, ay nasa likuran lamang ng usa.

54 Ngayon, kung ang usang 'yon ay hindi makahanap ng tubig! Ngayon, may isang bagay sa tubig, na, kapag ininom ng usa ang tubig, pinapatigil nito ang pagdurugo. Nguni't kapag hindi siya makainom ng tubig para palamigin siya, kung gayon ang—ang dugo ay patuloy na aagos ng papabilis; dahil sa siya'y tumatakbo, patuloy na pinapatibok ang kaniyang puso. Nguni't kung siya lamang ay makatungo sa tubig, ang usa ay mabubuhay.

55 Ngayon may dakilang aral diyan, kita n'yo, at si David ay nagsasabi rito, “Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, Oh Dios.”

56 Ngayon alam ng usang 'yon, maliban na siya'y makasumpong ng tubig siya'y wala na. Sadyang hindi siya mabubuhay. Akin na silang nasundan nang maraming pagkakataon pagkatapos na masugatan. Kapag makasumpong siya ng sapa ng tubig, siya'y tatawid at iinom, pupunta sa itaas ng burol; bababang muli, tatawid, iinom ng tubig at pupunta sa itaas. Hinding-hindi mo na siya maaabutan, hangga't sinusundan niya ang sapang 'yon. Nguni't sa sandaling iniwan niya ang sapa, kung hindi siya makasusumpong ng ibang batis saanman, mahuhuli mo siya kaagad-agad. At ngayon alam 'yon ng usa, kaya siya'y mananatili mismo sa tabi ng tubig, kung saan makakapunta siya roon nang madali. Ngayon, makikini-kinita mo ba ang isang usa na naghihingalo, siya'y nasilo kung saan walang tubig?

57 At sinasabi niya, “Kung paanong ang usa ay nauuhaw o humihingal (ay pagkauhaw) sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, Oh Dios. Maliban na aking masumpungan Ka, Panginoon, ako'y masasawi. Ako—ako—ako'y hindi maaaring magpatuloy maliban na masumpungan Kita!” At kapag ang isang lalaki o babae, batang lalaki o batang babae, ay magkaroon ng gayung pagkauhaw para sa Dios, siya'y makasusumpong ng isang bagay. Kita n'yo?

58 Nguni't kung tayo'y lumalapit dito, na para bang hindi buo ang puso, “Buweno, ako'y luluhod at titingnan kung ano ang gagawin ng Panginoon.” Kita n'yo, hindi ka pa talaga nauuhaw. Kailangan ito'y pagkauhaw sa pagitan ng kamatayan at Buhay, at pagkatapos isang bagay ang nagaganap.

59 Ang usa, gayundin dito siya'y . . . Ating nakikita na siya rin ay may isa pang pandama, ng pang-amoy, na siyang nagbibigay-babala sa kaniya kung ang kaniyang kaaway ay nasa malapit. Siya ay nag-aangkin, ang munting nilalang na ito, ng isang—isang pandama para pangalagaan ang kaniyang sarili. At siya'y—siya'y may isang munting nagbababala sa kalooban niya, isang munting bagay, na nangingiliti sa kaniyang ilong kung nasa malapit ang kaaway. Maaari mong maamoy ang kalaban, at alam niya na ika'y naroon, at siya'y nakaalis na. Minsan ay kalahating milya ang layo, maaamoy ka niya at makakatakas, o ang lobo o anumang panganib. Kaniyang nadadama ito dahil ganoon ang pagkalikha sa kaniya. Siya ay isang usa, sa kalikasan. At ang pandamang iyon na nasa kaniya ay isa lamang sa mga ipinagkaloob ng Dios sa kaniya, mga pandama sa kaniya, upang mabuhay.

60 At naisip ko, inihalalintulad ang usa sa isang taong nauuhaw sa Dios, bago makaparoon ang kaaway. May isang bagay sa isang anak ng Dios, na nang kayo'y minsan maipanganak sa Espiritu ng Dios, matanggap ang bautismo ng Espiritu Santo, may isang bagay sa tao na nakadadama sa kaaway. Inyong mapansin ang isang tao kapag ginagamit niya ang Kasulatan, at binabasa ang Kasulatan at susubukang magpasok ng isang bagay sa Kasulatang iyon, na salungat sa Kasulatan, ang isang taong puspos ng Espiritu Santo ay [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri—Pat.] mararamdaman 'yon, kaagad-agad. May isang bagay na hindi tama. Kung maparoon siya sa isang lugar, at—at ang munting pandamang 'yon ay naroon, na ito'y ginawa upang pangalagaan ang iyong buhay. Kayo, hindi n'yo dapat, hindi n'yo dapat paniwalaan ang anumang bagay maliban na ito'y eksaktong Salita ng Dios. Kayo ay dapat na manatiling eksaktong-eksakto sa Salitang 'yon. At, ngayon, at tayo'y ligtas na taglay ang pandamang 'yon hangga't tayo'y nasa Espiritu Santo.

61 Maaari ninyong mabasa, at tulad halimbawa, may isang magsasabi, at aking babasahin ang Marcos 16, at sabihin, “At ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na magsisisampalataya: sa Aking Pangalan sila'y mangagpapalabas ng mga diablo; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; o magsisihawak ng mga ahas, o magsisiinom ng mga bagay na makamamatay, hindi ito makakasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may sakit, sila'y magsisigaling.”

62 Ngayon, pagkatapos, makikita n'yo ang isang taong tatayo roon at magsasabi, “Ngayon, iyon ay noong panahon ng mga apostol.” Iyon, ngayon, kaagad-agad, kung inyong natanggap ang Espiritu Santo, kayo'y pinagkalooban ng gayong pandama. Ito ay pinapagana Nito. May isang bagay na mali roon. Kita n'yo? Kanilang sinisikap itong ipaliwanag palayo, na ito'y para sa ibang panahon, na totoong hindi n'yo kailangan ang mga

bagay na 'yon sa panahong ito. Nguni't sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila na magsisisampalataya." Kita n'yo, mayroong munting bagay na gumagana sa inyo, isang munting ugong, sa pagkaalam na 'yon ay mali at 'yon ang daan patungo sa kamatayan.

<sup>63</sup> Pagka't, sinabi ni Jesus, "Kung tayo'y magdagdag ng isang salita Rito, o mag-alis ng isang Salita mula Rito, ang ating bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay." Kita n'yo, hindi isa mang Kasulatan. Kailangan natin Itong tanggapin kung paano lamang Ito nasulat. At ang Dios ay nagbabantay sa Kaniyang Salita, upang tuparin Ito, at alam nating Ito'y dapat na maging tamang-tama.

<sup>64</sup> Kaya nga, kahit anuman ang sabihin ng isang iglesia, anuman ang sabihin ninuman, kung kayo'y ipinanganak sa Espiritu ng Dios, kayo'y nagiging bahagi ng Biblia. Sinabi ng Dios kay Ezekiel, siya, ang propeta. Kaniyang sinabi, "Kunin mo ang balumbon at kainin ito," sa gayon ang propeta at ang balumbon ay naging bahagi ng isa't isa. At 'yan ang mananampalataya kapag tinanggap niya ang Espiritu Santo; ang Espiritu Santo ang sumulat sa Biblia, at ang Espiritu ng Dios ay ang Salita ng Dios. "Ang Aking mga Salita ay Espiritu. Sa pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin." Sa Mga Hebreo 13:8, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." At kung kayo'y bahagi ng Salitang iyon, oh, kung gayon hayaang may lumalabas na taliwas sa Salitang iyon, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga daliri—Pat.] may isang munting ugong na kaagad na maririnig. Kita n'yo, Ito'y upang balaan kayo na ang kamatayan ay parating na. Hindi natin kailanman dapat gawin iyon. Mayroon ding . . .

<sup>65</sup> Ang mga pagkauhaw na ito ay likas lamang. Sila'y likas sa Cristiano. Sila'y likas sa tao.

<sup>66</sup> Mayroon ding pagkauhaw sa pananagumpay. Napakaraming mga tao sa araw na ito, gaanong tayo'y nag-aaral para sa kauhawang ito! Atin lamang napansin, kanilang pinasimulan ang unibersidad. At tayo'y pumaparoon, ang mga tao ay gumugugol ng libo-libong dolyar upang pag-aralin ang kanilang mga anak, at—at sa mga unibersidad at mga kolehiyo, at iba pa, para magkaroon ng edukasyon, "Upang maging matagumpay," kung tawagin nila ito, "sa buhay." Nguni't ngayon wala akong laban doon, ngayon, 'yon ay mainam. Nguni't, para sa akin, maaari ninyong makamit ang lahat ng pag-aaral sa mundo, at hindi n'yo pa rin nahanap ang tunay na tagumpay. 'Yan ay tama. Dahil sa, iyan ay pansamantala lamang makapagbibigay ng kaunting kaginhawaan para sa inyo rito. At mayroong . . . Nguni't kung kayo'y mamatay, iiwan ninyong lahat iyan, at itong lahat ng kabuhayan na meron tayo.

<sup>67</sup> Sinasabi ko ito nang nakaraang araw, sa Phoenix. Ito'y nararapat na bigkasing muli, na, "Ang lahat nitong modernong sibilisasyon, ang kabuuang programang pang-edukasyon, ang kabuuang programang pang-siyensiya, ay salungat lahat sa Salita ng Dios at sa Kaniyang kalooban." Ang sibilisasyon ay ganap. . . Wala nang iba pang sibilisasyon sa mundo na darating, na gaya nito. Ito ay isang likong sibilisasyon. Ang Dios ay nagkaroon ng Kaniyang unang sibilisasyon sa ibabaw ng lupa, nang bigkasin Niya ang Kaniyang mga Salita at nagkaroon ng mga ito, bawa't binhi ayon sa kaniyang uri, at sa sibilisasyong iyon ay walang kamatayan, sakit, kahapisan. At ngayon kinuha natin ang mga bagay na nasa siyentipikong mundo, na iniligay rito upang mapanatili itong buo, at binaluktot ito sa isang bagay, at 'yon ay nagdudulot ng kamatayan.

<sup>68</sup> Tulad ng bombang atomika. Hindi ko alam ang sangkap ng mga ganitong bagay, nguni't maaaring masabi ko ito nang mali. Sila'y kukuha ng uranium, upang hatiin ang isang—isang molecule, at ang isang molecule ay nahahati sa mga atom. Ano ang ginagawa nito pagkatapos? Pinupuksa lang naman nito, halos, sadyang naninira. Lahat ng ating ginagawa!

<sup>69</sup> Tayo'y kukuha ng gamot, ilagay ang sangkap na *ito* kasama ng sangkap na *ito*, para gamutin ang *ganito*, at atin itong ipapasok sa atin. At ano ang ginagawa natin? Winawasak natin ang iba pang bagay.

<sup>70</sup> Ngayon sa palagay ko'y nabasa n'yo, nabasa ang *Reader's Digest* noong nakaraang buwan, na sinasabi nito na, "Sa panahon na ating kinabubuhayan ngayon, na, ang mga kabataang lalaki at babae ay maaaring umabot sa kalagitnaan ng edad sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't limang taong gulang." Pag-isipan 'yan. Ang mga batang babae ay humihinto sa pagrereglá, at dalawampu, at dalawampu't dalawa at dalawampu't tatlong taong gulang, kalagitnaan ng edad. Nakita n'yo, ano ang may gawa nito, ito'y dahil sa mga pagkaing hybrid at mga bagay na ating kinakain. Kita n'yo, ito'y ang mga bagay, ang pagkain at ang—ang buhay na ating ipinamumuhay. Ang mga siyentipiko ang nagdala nito sa atin, at, sa paggawa nito, pinapatay nila kayo.

<sup>71</sup> Ako noon ay naparoon sa Africa kung saan nakita ko ang mga kabataang lalaki na hindi kailanman nakatikim ng isang dosis ng gamot sa kanilang buhay. Sila'y kumakain ng karne na may mga uod. Sila'y umiinom mula sa isang sapa na ito'y para bagang makakatay ng baka. At ako noon ay may pinupuntirya sa baril na may dalawang daang yarda, at hindi ko makita ito sa pamamagitan ng isang pares ng seven-fifty binoculars. At ang isang lalaking kaedad ko ay nakatayo roon, nagsasabi sa akin kung saan ito tinamaan, sa pamamagitan ng kaniyang mga mata. Ngayon, kung ang lahat nitong modernong kultura ay may nagawang bagay. . . Pakiramdam ko'y kung mapasaakin

ang kaniyang mga mata at ang kaniyang tiyan, ako'y magiging malusog na tao. Oo.

<sup>72</sup> Nguni't hayan nga kayo, nakita n'yo, 'yan ay kung ano ang siyensiya, edukasyon, sibilisasyon, tayo'y sinira nito. Sinisira natin ang ating sarili. Ito'y nagpasimula sa hardin ng Eden, at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Nguni't, nauuhaw para sa tagumpay!

Pagkatapos, tayo'y nauuhaw sa pakikisama. Tayo'y pumaparoon, gusto natin ang pakikisama.

<sup>73</sup> Ito'y gaya ng isang binata at isang dalaga. Ngayon, hindi ito di-kinakailangan o hindi (ibig kong sabihin) di-natural para sa isang binata at isang dalaga na—na ibigin ang isa't isa. Ito'y isang pagkauhaw para sa pag-ibig. Ito'y kanilang edad, at kanilang—kanilang mahal ang isa't isa. At ito'y hindi di-natural, 'yan ay isang natural na bagay lamang para sa kanila na gawin 'yan.

<sup>74</sup> Ngayon nakikita natin ang maraming bagay, sa buhay na ating ipinamumuhay sa natural na katawan, na ating kinauuhawan. Ito'y sadyang isang bagay na nasa loob natin. Gusto nating gawin ito, nararamdaman nating ito'y kailangang-kailangan. At kinakailangan na gawin natin ito.

<sup>75</sup> Ating nakikita ang maraming kababaihan, sa mga araw na ito, nauuhaw sa kagandahan. Ngayon walang isa mang babae. . . Ito'y isang likas na bagay para sa isang babae na mauhaw na maging kaaya-aya. 'Yan—'yan ang kaloob ng Dios sa kaniya na kalikasan at—at ang kaniyang kagandahan na ibinigay ng Dios sa kaniya para sa kaniyang asawa. At ngayon nalaman natin na gusto ng mga kababaihan na maging ganoon. Bakit ganoon? Ito'y dahil lamang sa ito'y isang bagay na ibinigay ng Dios sa kaniya. At hindi mali para sa mga kababaihan na maging kaaya-aya. Dapat silang maging ganoon.

<sup>76</sup> At, alam n'yo, sila ang tanging nilalang na—na mas maganda ang babae kaysa lalaki, ito'y nasa lahi ng tao. Ang lahat ng iba pang mga hayop, tingnan ang—ang babaeng baka sa lalaking baka, ang babaeng usa sa lalaking usa, ang inahing manok sa tandang, ang inang ibon sa amang ibon, lagi inyong makikita na ang lalaki ay malaki at maganda. Nguni't sa lahi ng tao, nakita roon kung saan nagkaroon ng pagbabaluktot, ito'y nagkabaliktad; at ang mga kababaihan nga ay—ay maganda, at inaasam nilang maging maganda.

<sup>77</sup> Hindi gaya ng ilan nitong mga kakaibang nilalang na ating nakikita sa mga lansangan sa panahong ito; hindi, hindi, hindi ang gayong klase ng kagandahan. Hindi. 'Yan ang pinakakakilakilabot na tanawin na nakita ko sa aking buhay. Totoo, po. 'Yan ang pagbabaluktot na bumabaluktot sa tunay na pagkauhaw.

<sup>78</sup> Ngayon, ang tunay na pagkauhaw na dapat taglayin ng isang babae, ay ang "magsigayak ng mahinhing damit, at

magtaglay ng espiritung gaya ng kay Cristo,” Unang Timoteo 2:9. Ngayon sa ganoong paraan dapat na mauhaw ang babae. Ngayon kung gusto ninyong maging maganda, ganoon ang makapagpapaganda sa inyo, kita n’yo, ay isang espiritung kagaya kay Cristo, at nagagayakan ng mahinhing damit.

<sup>79</sup> Oh, naku, ang ilan sa mga taong ito ngayon na nasa mga lansangan! Hindi mo matukoy ang lalaki sa babae, at ito’y isang—ito’y ang pinakakakila-kilabot na tanawing bagay na iyong. . . hindi ko, ito’y—ito’y. . . Ako—ako’y hindi pa nakakita ng anumang gaya nito, gaya ng mga tao. Ito’y lampas sa pagiging tao. Mga mata’y pinintahan pataas gaya *niyan*, at, alam n’yo na, silang mga kakatwang matang butiki, at lahat silang mga kakatwang kasuotan. At, aba, ito’y hindi man lang. . . Lahat ay lubos na nawala sa ayos, hindi man lamang sila mukhang tao. At ilan sa kanilang mga kabataang lalaki rito, na ang kanilang mga buhok ay sinuklay pababa, ang sa kanilang kapatid na babae, na rollers ang nasa harap *dito*, alam n’yo, aba, ito’y lubusang pagbabaluktot! ‘Yan ay tama. Ito’y—ito’y—ito’y si Satanas, at si Satanas ay ang tagabaluktot.

<sup>80</sup> Nang lalaging ng Dios ang lahat ng bagay sa hardin ng Eden, ito ay kaaya-aya, pagkatapos si Satanas ay pumasok at gumawa ng bagay-lihis. Si Satanas ay walang kayang likhain. May isa lamang Manlilikha, ‘yon ang Dios. Nguni’t ginawang baluktot ni Satanas ang orihinal na nilikha. At ngayon kaniyang ginagawang (gusto kong mangusap ngayong gabi tungkol dito) baluktot ang—ang orihinal na nilikha na pagkauhaw.

<sup>81</sup> Ngayon, ang isang babae, tulad ng nasabi ko kanina, ay nagnanais na maging maganda. May isang bagay sa kaniya, na siya ay babaeng-babae at gusto niyang maging ganoon.

<sup>82</sup> Nguni’t ang sitwasyon nila sa mga lansangan ngayon, nakagupit ang buhok na tulad sa lalaki, sumusuot ng mga kasuotang panlalaki; at pagkatapos kabaligtaran ang mga lalaki, sumusuot ng mga kasuotang pambabae, at gupit na gaya ng sa babae. Kita n’yo, ito’y isang pagbabaluktot, ang kabuuang bagay! Ang inyong pagkain ay binaluktot. Ang iyong buhay ay binaluktot. Ang iyong pagkauhaw, binaluktot. Ang iyong pagnanasa ay binaluktot. Ito’y panahon ng pagbabaluktot!

<sup>83</sup> Ako’y nangungusap noon dito, hindi pa katagalan, sa *Eden ni Satanas*. Ang Dios ay gumugol ng anim na libong taon, at gumawa ng isang walang kapintasang Eden. Si Satanas ay dumating at winisik silang mga binhi, at sinira ang anyo ng mga ito. Ngayon siya’y may anim na libong taon, at siya’y may sariling siyentipikong Eden, bumalik muli sa pagbabaluktot sa tama.

<sup>84</sup> At ito ang kapanahunan ng hybriding, hybriding. Kanila pa ngang nagawa ang—ang mga simbahan sa araw na ito, hanggang sila’y naging hybrid. Iya’y tama. Sila’y pumapasok



dito, sila lamang ay nagtutungo sa bahay-sambahan, ito'y isang tirahang pansamantala kaysa isang bahay-sambahan. Ang bahay-sambahan ay isang lugar kung saan ang mga tao ay nagkakatipon-tipon at sumasamba sa Dios sa Espiritu at sa Katotohanan. At ngayon ito'y isang tirahang pansamantala. Tayo'y nagtutungo roon at may kaunting panahon upang makipagkamay, at magkasama-sama, at makipagkape sa likuran ng gusali, at uuwi hanggang sa susunod na linggo, at nagawa na natin ang ating tungkuling panrelihiyon.

<sup>85</sup> Ngayon ito'y isang baluktot na panahon. At binabaluktot ni Satanas ang mga pagkauhaw na iyon na inilagay ng Dios sa inyo, upang mauhaw. Binabaluktot ni Satanas ang mga iyon. Ngayon kung gusto ninyong malaman ang tama, pagbabaluktot . . .

<sup>86</sup> Kung kayo, ang mga kababaihan, ay gustong maging maganda, gawin ang Unang Timoteo 2:9, 'yon ay yaong "magsigayak ng mahinhang damit—damit, na may espiritung gaya kay Cristo, may kapakumbabaan, mapagpasakop sa kanilang asawang lalaki," at iba pa. Ganiyan kayo dapat na gumayak, ang buhay na inyong ipinamumuhay.

<sup>87</sup> Kaniyang binabaluktot ang tunay na kalikasan ng Dios, at ang tunay na pagkauhaw sa Dios, ng katawan at kaluluwa, sa pita sa kasalanan. Ang kasalanan, isang pagbabaluktot! Ngayon nalalaman natin, ang isang tao ngayon, kung paanong kanilang tinanggap ang pagkalahis na iyon; pagkauhaw sa Dios, ang pagkauhaw sa pagiging maganda, at lahat ng mga pagkauhaw na ito. Para, sa tubig, kanila itong ginawa na tinutugon sa pamamagitan ng pag-inom. Ang pagkauhaw para sa kagalakan, bawa't isa'y gustong magkaroon ng kagalakan; pagkauhaw sa pakikisama; lahat nitong masidhing pagkauhaw na inilagay ng Dios sa atin, upang tayo'y mauhaw sa Kaniya. Ginawa kayo ng Dios upang mauhaw sa Kaniya, at atin itong sinusubukang tugunan ng iba pang uri ng pagkauhaw, ng iba pang uri ng pagbabaluktot sa tunay na pagkauhaw. Nakita n'yo kung paano ito sa natural? Nakita n'yo kung paano ito sa espirituwal? Iniisip natin, hangga't umaanib tayo sa isang iglesia, iyan—iyan ay ayos na, 'yan lang ang kailangan nating gawin. Buweno, iyan ay ganap na mali. Hindi.

<sup>88</sup> Gusto ng Dios na ikaw ay mauhaw sa Kaniya! "Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, Oh Dios." Kita n'yo? Kita n'yo?

<sup>89</sup> Ngayon, kung ang usang iyon ay humihingal sa tubig ng batis, paano kung mayroong ibang dumating, at isa pang kaibigang usa ay dumating, at magsabi, "Aba, sasabihin ko sa iyo kung ano ang aking—aking magagawa. Alam ko kung saan may lubluban dito." Buweno, hindi magugustuhan iyon ng

usa. Siya, walang anumang maidudulot na mabuti 'yon para sa kaniya.

<sup>90</sup> At walang anumang bagay ang makatutugon sa pagkauhaw na iyon sa tao, hanggang sa ang Dios ay pumasok. Kailangang mapasakaniya Ito, kundi siya'y mamamatay. At walang sinumang tao ang may karapatang subukang pigilin o tugunan ang banal na pagkauhaw na iyon, na nasa kalooban niya, sa pamamagitan ng mga bagay ng sanlibutan. Hindi, po. Hindi maka-Dios na gawin iyon. At kung ikaw ay nauuhaw sa Dios, huwag kang makipagkamay sa mangangaral at ilagay ang iyong pangalan sa aklat. Kung ikaw ay nauuhaw sa Dios, may isang bagay lamang na makatutugon dito, 'yon ay, makatagpo ang Dios. Kung ikaw ay nauuhaw sa Dios, iyon lamang ang tanging paraan na iyong makakatagpo Siya, ay ang gawin iyon.

<sup>91</sup> At kung gayon ay may malaking panganib, din, kung hindi ninyo binabantayan ang inyong ginagawa sa panahong iyon. Kung kayo'y nauuhaw sa Dios, tiyaking ang Dios ang inyong nasusumpungan. Kita n'yo, tiyakin na ito'y ang inyong pagkauhaw ang natugunan. Nguni't kung nagawa ni Satanas na ilihis kayo, mula sa mga natural na ganang ito, at 'yan ay gagawin niya kung magagawa niya, kaniyang—kaniya lamang hahayaan kayong magsikap na masiyahan.

<sup>92</sup> Ang isang taong lumalabas, ano ang bagay na nagbubunsod sa tao na maglasing? Ay dahil siya'y nag-aalala at hindi niya alam ang kaniyang gagawin. May bagay na kulang sa kaniya.

<sup>93</sup> Ako'y nasa Mayo, dito hindi pa katagalan. At ako'y naroon para sa isang panayam. At pagkatapos ay nasabi rito, na, napag-usapan ang tungkol sa pag-inom, at sinabi ko sa kanila na ang aking ama ay manginginom.

Sabi, "Ano ang nagbubunsod sa kaniya para uminom?"

Sabi ko, "Hindi ko alam."

<sup>94</sup> Sabi niya, "Ito'y dahil mayroong isang bagay na (siya) ay hindi nakapagbibigay kasiyahan sa kaniya, at akala niya'y makapag-iinom siya para maiwaksi iyon sa kaniyang kaisipan."

<sup>95</sup> Naunawaan ko mismo kaagad, kita n'yo. Ito'y tunay na ang Dios talaga, ang tanging bagay na makatutugon sa pagkauhaw na iyon. Ang Dios Mismo ang tanging bagay na makapagbibigay-kasiyahan sa pagkauhaw na iyon ng tao, ay ang tanggapin ang Dios.

<sup>96</sup> Ngayon ginagamit ni Satanas ang mga bagay na ito, gaya ng sinabi ko, at binabaluktot ang mga ito. Kung gayon kung kayo'y—kung kayo'y... Kung hindi ninyo ilalagay ang pagkauhaw na iyon sa kaniyang tamang kalagyan sa inyong buhay, at hindi mauhaw at gamitin ang mga bagay na inilaan ng Dios upang tugunin ang pagkauhaw na iyon, upang pawiin ito, kung gayon ay pangungunahan kayo ni Satanas sa ilan

sa kaniyang maruming mga lubluban ng sanlibutang ito. Kailangan magkaroon kayo nito saan man. Kung hindi kayo makasumpong ng pagkain, kayo'y kakain mula sa basurahan. Kita n'yo? At kung kayo—kung kayo ay hindi makahanap ng tubig, at kayo ay naghihingalo na, kayo'y iinom mula sa isang—isang anumang uri ng lawa, dahil sa kayo'y namamatay na.

<sup>97</sup> Nguni't walang dahilan para maging ganiyan, kung kayo ay nauuhaw sa Dios, dahil ang Dios ay buhay na Dios, hindi isang makasaysayang bagay. “Kinauuhawan Ka ng aking kaluluwa, ang buhay na Dios,” Isang nagbibigay ng buhay na tubig, Isang Bagay na nagbibigay-kasiyahan.

<sup>98</sup> May isa pang kalikasan, likas, isang likas lamang na pagkauhaw, sa pagkauhaw na iyon ng kaluluwa. Maaaring masabi ninyo, “Kapatid na Branham, ang pagkauhaw ba ng kaluluwa na 'yan, 'yan ba ay likas?” Oo, 'yon ay likas para sa kaluluwa na mauhaw. At ito'y, sapagka't ginawa kayo ng Dios na ganoon, upang sa ganoon ay mauhaw kayo para sa Kaniya. Gusto Niyang kayo ay mauhaw para sa Kaniya. Ngayon, ginawa kayo ng Dios na tulad niyan. Hindi Niya kailangang gawin kayong ganiyan, nguni't Kaniya nga itong ginawa. At kung hindi Niya kayo ginawang ganiyan, upang kayo ay mauhaw, may maidadahilan sa Paghatol, sasabihin, “Ako—ako—ako'y hindi kailanman nauhaw sa Dios.” Nguni't, walang maaaring idahilan, ikaw ay nauuhaw. Idadahilan n'yo na para bang; maaaring idahilan n'yo ang inyong maybahay; maaaring idahilan n'yo ang inyong sasakyan, maaaring idahilan n'yo ang ibang bagay, maaaring magtungo kayo sa bahay-sambahan at subukang bigyang-kasiyahan ito. At wala akong laban sa pagtungo sa bahay-sambahan, nguni't hindi 'yon ang kasapatan. Ito'y ang masumpungan ang Dios, ang buhay na Dios, ang Dios ng Kalangitan, sa inyong kaluluwa, na tumutugon sa pananabik na iyon at pagkauhaw na inyong ninanasa.

<sup>99</sup> Ngayon, sapagka't, nilalang Niya kayong gayon upang kayo ay mauhaw sa Kaniya, para sa Kaniyang pakikisama. Ngayon, may tunay na pagkauhaw sa pakikisama. Ngayon gusto nating makasama ang isa't isa. Ginagawa natin iyan ngayong gabi. Tayo'y nagkakatipon dito ngayong gabi dahil gusto nating magkasama, sa isa't isa. Bakit ginagawa natin iyon? Dahil sa may isang bagay sa atin na nais nating makasalamuha ang isa't isa. 'Yan ay likas lamang. At ngayon tayo'y nagkakatipon sa iisang mithiin dito, iyon ay, dahil sa tayong lahat ay nauuhaw sa Dios. Kita n'yo? At sa gayon tayo'y nagkakatipon ngayon dito sa regular, isang hangarin dito ng pakikisama. Sa bahay-sambahan ngayong gabi, dito, maaaring maraming iba't ibang makadenominyong pananaw, at iba pa; nguni't pagdating sa pagkauhaw na 'yon, tayo'y maaaring magkasama sa parehong hangarin, isang mithiin: tayong lahat ay nauuhaw. Ang iba marahil ay naniniwala sa pagwiwisik, ang iba pa sa bautismo, at

isa sa pagbubuhos, o iba pa; nguni't pagdating sa pagkauhaw sa Dios, tayo—tayo'y nagsasama sa parehong mithiin. At nilalang tayo ng Dios na ganoon para gawin natin iyon, mauhaw sa Kaniya at sa Kaniyang pakikisama. Wala na akong alam na anuman. . .

<sup>100</sup> Nang ako'y isang munting bata, naalala kong ako'y lumaki sa isang talagang mahirap na pamilya. At naaalala ko ang maraming beses na lumalabas ako kasama ng mga kaibigan. Hindi ako makapagdamit na parang ako'y pupunta sa isang marangyang lugar. Nguni't, ako—hindi ko alam, may isang bagay sa mga tao, na gusto ko. Gusto kong makisama sa kanila. Nguni't ako ay, humigit-kumulang, ang tinatawag na, ang itim na tupa. At nang ako ay naligtas at nasumpungan ang Isang Bagay na nasa aking kalooban, na aking kinauuhawan, isang—isang Kaibigan, Isa na magiging kasa-kasama ko, Isang mapagkakatiwalaan ko, Isang makikinig at makakausap patungkol sa iyong mga suliranin. At nang. . . nasumpungan ko ang tunay na totoong kasiyahan na iyan nang makilala ko si Jesus Cristo, ang tunay na totoong Nagbibigay-Kasiyahan na nag-aalis sa lahat—lahat. . . pumapawi sa lahat ng pagkauhaw na 'yan, at nagbibigay sa inyo ng Isang Bagay na—na sadyang talagang walang anumang bagay na maipapalit sa Kaniya.

<sup>101</sup> At ngayon gaanong sinisikap ni Satanas na baluktutin itong pagbibigay-kasiyahan ng kaluluwa, ang pagkauhaw na iyon para sa kaluluwa! Kaniyang sinisikap na ibigay ang lahat sa inyo upang sapatang ito. At siya ay napakamapaninlang sa mga panahon na ito ng pagkalahis. Ito ay mundong binaluktot. Ito'y isang lahing liko. Ito'y isang bayang liko. Ang lahat ay binaluktot, at unti-unting nalihis hanggang sa ito'y naging pinakamapaninlang na panahon na ating. . . kinabuhayan ng sinumang tao. Ito'y higit pang mapaninlang kaysa nang mga nauna.

<sup>102</sup> Ngayon inyo lamang—sadyang hindi n'yo maisip kung gaano ng naging mapaninlang ang bansa, maging ang ating sariling mga kababayan, tulad ng mga mamamayang Amerikano.

<sup>103</sup> Ako'y nangusap kamakailan lang. Ako'y nasa kakahuyan ilang linggo na ang nakaraan at nakakita ng isang—isang—isang pakete ng sigarilyo na nasa kakahuyan. At nakasulat doon, “Ang panala ng taong nag-iisip.” At ako'y nagpatuloy sa kakahuyan ng ilang hakbang, at ako'y bumalik; lagi kong naiisip, “Ang panala ng taong nag-iisip, at ang panlasa ng taong naninigarilyo.”

<sup>104</sup> Buweno, ako noon ay nasa World Fair, ilang taon na ang nakararaan, naalala n'yo noong naroon sa kanila 'yung Yul Brynner at lahat sila roon, nang sila'y nagpapakita ng mga demonstrasyon sa sigarilyo. At kung paanong kanilang kinuha ang usok na iyon, at inilagay sa isang piraso ng marmol, at kumuha ng Q-tip at kinalaykay ang nikotina mula roon,

at inilagay ito sa likuran ng daga. Sa loob ng pitong araw, nagkaroon siya ng malaking kanser na hindi na siya makatayo sa kaniyang mga paa. Kita n'yo, mula sa isang sigarilyo! At pagkatapos kanilang ipinakita kung paano na kung iyon ay napupunta sa baga ng tao. Ilan sa kanila ang nagsasabi, "Hindi ko nilalanghap. Inilalabas ko lamang 'yon sa bibig ko." Ipinakita kung paanong ito ay napupunta sa laway at bumababa ng ganoon din, sa lalamunan, kita n'yo.

<sup>105</sup> At pagkatapos sinabi ng taong ito, "Nakikita n'yo ang napakaraming usapin tungkol sa panala." Sabi niya, "Ngayon, kung mayroon kang pagnanasa," may pagkauhaw, nakita n'yo, "isang pagnanasa na manigarilyo, isang natural na sigarilyo ay marahil makapagdulot ng kasiyahan sa pagnanasang iyon sa oras na iyon. Nguni't kung mayroon kang panala, kailangan ng apat na sigarilyo para masiyahan," sabi, "dahil ikaapat lamang na bahagi ang nakukuha mo sa usok."

<sup>106</sup> At sabi, "Ang panlasa ng taong naninigarilyo"? Kita n'yo, hindi ka maaaring magkausok liban na magkaroon ka ng tar. At kung mayroon ka ng tar, mayroon ka ng kanser. Kaya hayon kayo, kita n'yo, ito—ito'y isa lamang pakulo. At sa palagay ko ang isang—isang kumpanya ng tabako na nasa bansang ito, at—at nabubuhay ito sa pamamagitan ng bansang ito, at sa gayon sa ganoong pakulo, para lubos na linlangin ang mga mamamayang Amerikano, upang linlangin sila. Ang panala ng taong nag-iisip? Ito'y isang pakulo lamang para makapagbenta ng mas maraming sigarilyo.

<sup>107</sup> At pagkatapos ay naisip ko ang bagay na 'yon, "Ang Panala ng taong nag-iisip," naisip ko, "iyan ay magandang ideya." Kaya nga may Panala ang taong nag-iisip, 'yon ay ang Bibliang ito. Ang—ang panala ng taong nag-iisip na gagamitin ang Panalang ito, Ito'y maglalabas ng panlasa ng taong matuwid. Kita n'yo?

<sup>108</sup> Ngayon, wala kayong maaaring mahatak na kasalanan sa mga pahina ng Bibliang ito. Hindi, pinahihinto Nito ito. Sinasala Nito ito. Ngayon, maaari kayong magtungo sa bahay-sambahan, at tanggapin lamang ang anumang bagay, nguni't hindi kayo makakapasok sa pamamagitan ng Bibliang ito at taglay ang kasalanan. Hindi Nito ipahihintulot ito. Sinasala Nito ang lahat ng kasalanan, at Ito'y nagbibigay ng panlasa ng taong banal. Dahil sa kung nag-iisip ang tao na nais niyang maging banal, at maging gaya ng Dios, at maging anak na lalaki o anak na babae ng Dios, kung gayon gusto niya ng tamang uri ng Panala. Kaya hinahadlangan Niya lahat ng kasalanan sa panig na ito ng Biblia, at maaari lamang Niyang dalhin ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng Biblia, na sumulat sa Biblia. Ito'y panlasa ng banal na tao, na magkaroon ng Panala ng taong nag-iisip.

<sup>109</sup> Ngayon nakikita natin kung gaano ang panlilalang sa araw na ito. Sa Mateo 24:24, sinabi ni Jesus, "Sa mga huling araw, na,

ang dalawang espiritu ay halos magkaparehong-magkapareho hanggang sa kanilang mailigaw ang mga Hinirang kung maaari.” Gaano kalapit! Gaano, anong panlilinlang ng—ng tama at mali, meron tayo sa araw na ito.

<sup>110</sup> Maging sa ating—sa ating pamahalaan, sa ating pulitika, tayo’y—wala man lang tayong taong mailuklok bilang isang pulitiko, na ganap na maninindigan sa pinaniniwalaan niyang tama. Nasaan ang ating mga Patrick Henry at George Washington, at Abraham Lincoln sa ngayon? Tulad ng sinabi ng ating Presidente roon, “Ang paraan, kung gusto nila ng komunismo, kanila itong makakamit, anuman ang gusto ng mga tao.” Kung hindi ba naman iyon isang—isang lalaking ayaw ipahayag ang kaniyang paniniwala! Ang isang lalaki ay tatayo sa isang prinsipyo, na tatayo sa kung ano ang isang prinsipyo. . . gusto lamang tumayo kung saan ang—ang—ang may kakaunting pagtutol.

<sup>111</sup> At ganiyan ang kaparaanan na mayroon ang mga tao, sa iglesia. Gusto nilang maging kabilang sa iglesia, at sinasabi nila, “Oh, buweno, iyon—iyon na, ako—ako’y naging kabilang na ngayon sa iglesia.” Sinusubukan ninyong bigyang-kasiyahan ang dakilang banal na pagkauhaw na ’yan na inilagay ng Dios sa inyo, ang Tore ng pagkontrol na iyon na sinisikap kayong akayin sa tamang bagay, at sinusubukan ninyong punan ito ng pagsapi sa isang iglesia, pagbibigkas ng isang kredo, o isang tulad niyaon. Kung, ito’y walang iba kundi ang mismong Presensiya at pagpupuno ng Dios Mismo sa inyong buhay, ang makakapagbigay-kasiyahan niyaon.

<sup>112</sup> Siya’y hindi masisiyahan sa pamamagitan ng isang kredo. Wala kayong kailanman maaaring mahatak na kredo sa Bibliang ’yan. Hindi. Ni wala man lang Kredo ng mga Apostol, na tinatawag, ay hindi maaaring magmumula Doon. Ipakita n’yo sa akin sa Biblia kung saan sinasabi ng Kredo ng mga Apostol, “Naniniwala ako sa Banal na Romano Katolikong iglesia; naniniwala ako sa pakikipag-usap sa mga santo”; kung sinabi ng Biblia, “May isang tagapamagitan sa Dios at tao, at ’yon ang Taong si Cristo Jesus.” Wala kayong kailanman makukuhang ganiyan sa pamamagitan ng Biblia.

<sup>113</sup> Wala kayong kailanman maaaring mahatak na lahat ng mga sayaw na ito, at mga syorts, at mga bagay na ginagawa ng mga tao sa araw na ito, ang mga twist at watusi na ito, at lahat ng mga bagay na ito, mula sa Salita ng Dios. Wala kayong kailanman maaaring mahatak na modernong kalakaran ng sibilisasyon mula sa Bibliang ’yon. Ito’y salungat dito. Kita n’yo? At sinusubukan ninyong bigyang-kasiyahan ang pagkauhaw na ’yon, nguni’t, nakita n’yo, ito’y magiging. . . Mabibigyang kasiyahan lamang ng Bibliang ito ang panlasa ng isang matuwid na lalaki o babae. Ang Banal na Espiritu na ito, na kanilang pinagtatawanan, at sinabi, “Ikaw ay nawawala na

sa iyong kaisipan.” Nguni’t binibigyang-kasiyahan Niyaon ang pananabik na ’yon, ang isang bagay na ’yun na walang alam ang sanlibutan. Kanilang inilihis ang kanilang sarili, mula sa tunay na bautismo ng Espiritu Santo at ng Salita ng Dios, (sa ano?) sa mga lubluban, mga lubluban ng iglesia, ng mga dogma at mga kredo, at—at makadenominyong pagkakaiba, at iba pa.

Sasabihin, “Ikaw ba ay Cristiano?”

114 “Ako’y Metodista. Ako’y Baptist. Ako’y Presbyterian.” Iyon ay walang kabuluhan sa Dios, wala isa mang bagay. Wala kayong maaaring mahatak na mga bagay na ’yan mula sa Biblia ng Dios na nandito. At sinusubukan ninyong mabigyang kasiyahan ’yang banal na pagkauhaw na ibinigay ng Dios sa iyo, upang mauhaw sa Kaniya. Iyan ba ay tama? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.]

115 Ngayon, alam n’yo na sinabi ni David dito, “sa buhay na Dios.” Ngayon, “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.” Kung gayon hindi magkakaroon ng kasiyahan hanggang ang Salitang ito, na siyang Dios, ay maging buhay sa inyo, pagkatapos nakikita n’yo ang Dios Mismo na tinutupad ang mga pangako na Kaniyang ipinangako sa Biblia.

116 Ngayon tayo’y may iba’t ibang tagapagpaliwanag ng Biblia. Ang isang iglesia ay ipinapaliwanag Ito sa *ganitong* paraan, ang isa pa’y ipinapaliwanag Ito sa *ganoong* paraan, at ang isa pa ay *ganitong* paraan. Ang ilan ay kukuha lamang ng kaunti Rito; ang ilan ay kumukuha *dito* at *doon*, isang piraso Nito. Nguni’t ang Dios ang Kaniyang Sariling Tagapagpaliwanag. Kapag Siya ay nangangako at tinutupad ito, ’yon ang pagpapaliwanag niyaon.

117 Kung aking ipinangako sa inyo na ako’y paririto ngayong gabi, at heto ako, ’yan ang pagtupad sa aking pangako. Kung sasabihin kong makikipagkita ako sa inyo sa umaga, at ako’y naroon, ’yon ang aking pangako. Hindi na kailangan na gumawa pa ng ibang mga dahilan, kailangan na ako’y pumunta roon.

118 At kapag ang Dios ay nangangako, at pagkatapos dumarating at tinutupad ang pangakong iyon, ’yon ang interpretasyon ng pangako. At aking hahamunin ang sinuman na panghawakan ang Dios sa Kaniyang Salita, at tingnan kung ang bawa’t Salita sa Bibliang ’yan ay hindi Katotohanan. Iya’y tama. ’Yan ang dahilan na may pagkauhaw riyon.

119 Sinasabi n’yo, “Kung ako lamang ay nabuhay noong panahon ni Jesus, ginawa ko sana ang *ganito-at-ganoon*.”

120 Aba, ikaw ay nabubuhay sa Kaniyang panahon. Ano ang ginagawa natin ukol dito? Ano ang ginagawa natin? Sinasabi ninyo, “Buweno?” Kung ano ang ginawa ninyo, marahil ay kung ano ang ginawa ng mga Fariseo. Sila’y kabilang sa iglesia, at itinatwa si Jesus Cristo.

<sup>121</sup> Lagi nating sinasabi sa araw na ito, pinipilit sabihin ng mga tao, “Tayo’y magkumpara. Kailangan nating ikumpara ang pahina ng Biblia sa pahina ng Biblia, Kasulatan sa Kasulatan.” Iyan ay hindi ang Katotohanan. Hindi, hindi ito ang Katotohanan. “Ang salitang Griegong ito ay nangangahulugang *ganito*, at ang ibig sabihin *nito ay ganoon*.” Ang mga Griego mismo, noon sa Nicaea Council, at silang mga manunulat noon doon, sila’y may iba’t ibang pakahulugan. Ang isa’y naniniwala sa ganitong paraan, ang ibig sabihin ng iskolar ng Griego na *ito ay ganito*, at ang isa pa’y nagsabi na ang ibig sabihin ng isang *ito ay ganito*. At kanilang pinagtalunan Ito. Hindi natin kailangan ng pagpapaliwanag ng mga iskolar ng Griego o mga Griegong salita.

<sup>122</sup> “Ang makilala Siya ay Buhay,” ang Persona, si Cristo Mismo! Hindi pagkukumpara. Ito’y isang kapahayagan kung saan itinayo ng Dios ang Kaniyang iglesia. At kung hindi tayo magtatayo sa ibabaw ng iglesia ring iyon. . . Sinabi ng Biblia, “Si Abel, sa pananampalataya!” At ang pananampalataya ay isang Banal na kapahayagan. Kita n’yo, ang pananampalataya ay isang Banal na kapahayagan. Buweno. Ang kabuuang Bagay na ito ay itinayo sa kapahayagan kung gayon, at maliban na ito ay ipinahayag sa iyo! Sinabi ni Jesus, “Ako’y nagpapasalamat sa Iyo, Ama, na Iyong inilihim ang mga bagay na ito sa mga pantas sa mundong ito, at ipinahayag Mo sa mga sanggol.” Kita n’yo, ngayon, ang kabuuang bagay ay naitayo roon, kailangang makilala mo ang Persona!

<sup>123</sup> At hindi mo mabibigyang kasiyahan iyan sa pamamagitan ng pakikianib sa iglesia. Kailangan mong masumpungan ang Katauhan, ang Dios Mismo, na siyang Salita at—at kapaliwanagan ng Kaniyang sarili sa araw na ito, ang mga pangakong Kaniyang ginawa ngayon. Ang mga tao na magiging sa Kaniya sa araw na ito, “ang iglesia na walang bahid o kulubot,” ay hindi ibig sabihin na isang denominasyon; ang ibig sabihin nito ay ang mga tao, ang mga indibidwal na walang bahid o kulubot. “Mayroong dalawang sasa isang higaan, Aking kukunin ang isa at ang isa ay iiwan; dalawa ang sasa bukid, Aking kukunin ang isa at ang isa ay iiwan.” Nguni’t kung ang Dios, ang banal na pagkauhaw na iyon na maging tulad Niya, at sa gayon ay nakikita ninyo na ang Kaniyang Salita ay nasa inyo, pinapatunayan ang sarili Nito, na kayo ay lingkod ng Dios. Anuman ang sinasabi ng Dios, kayo’y kaagad sumusunod dito, kung gayon kayo ay dumaraan sa tamang proseso upang bigyang-kasiyahan ang banal na pagkauhaw na ’yon na nasa inyo.

<sup>124</sup> Oh, mangyari pa, ang mga tao ay pagtatawanan kayo, at sasabihin, “Ikaw ay wala sa iyong sariling kaisipan. Ikaw ay nababaliw na.” Nguni’t tandaan kung saan sila umiinom, kita n’yo. Tingnan kung saan sila naroon. Maiisip n’yo ba ang isang



malaking balong-bukal na naglalabas ng malinis na tubig, at may isang tao sa baba sa isa sa mga butas doon, na may patay na mga butete, at mga kredo, lahat na ay nakalagay rito, umiinom doon, tumitingin at pinagtatawanan kayo? Oh! Aba, hindi niya alam, hindi niya alam kung anong—kung anong nakakapamatiduhaw na Batis ang ikinabubuhay n'yo. 'Yan ang eksaktong tama.

<sup>125</sup> Tayo'y may buhay na Dios. Hindi isang namatay labing siyam na raang taon na ang nakararaan at nanatili sa libingan, kundi Isang nabuhay na mag-uli. Ang Mga Hebreo 13:8, nagsasabi, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Ang siya ring Espiritu Santo na bumaba noong Araw ng Pentecostes ang siya ring Espiritu Santo na naririto ngayon. Siya ang Bahaging nagbibigay-kasiyahan, sapagka't Siya ang Salita. Iya'y tama. Ang Espiritu Santo ang sumulat ng Salita, Siya ang nagpapaliwanag ng Salita. Sinabi ng Biblia, sa Ikalawang Pedro, na ang Espiritu Santo ang sumulat sa Biblia, "Ang mga unang mananampalataya, nangaudyokan ng Espiritu Santo, ang sumulat sa Biblia."

<sup>126</sup> Ngayon, hindi ninyo kayang gawin ito, hindi ninyo kayang tugunan ang banal na pagkauhaw na iyan kundi ang Dios Mismo na nananahan sa inyo, sa Persona ng Espiritu Santo. Edukasyon, kultura, pakikianiib sa mga iglesia, pagbibigkas ng mga kredo, mapabilang sa isang samahan; ang lahat ng bagay na ito ay napakainam, nguni't siguradong hindi nila kayang pigilin ang banal na katahimikan, ang—ang banal na pagkauhaw na 'yon, pala, hindi mapipigilan ang banal na pagkauhaw.

<sup>127</sup> Ako'y nakikinig kay Billy Graham, ang dakilang ebanghelista, noong isang gabi. Sinasabi ko sa inyo, lalo ko siyang idinadalangin ngayon kaysa noon. Nakita ko siyang talagang sumasaway sa kanila, sa mga ginagawa nila. Sabi niya, "Ang grupong iyon ng mga pari na naglalakad sa kalsada, silang mga kuwelyong nakapihit!" Pumaparoon kung saan wala silang anumang kinalaman, pinapakialaman ang isang bagay. Nguni't sila'y naglalakad sa daan, [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay—Pat.] ipinapalampak ang kanilang mga kamay at ipinapadyak ang kanilang paa. Buweno, sila'y mukhang mga unholy-rollers. Ngayon, nakita n'yo, nguni't mayroon silang isang bagay na kanilang—kanilang pinaniniwalaan. Sila'y may isang bagay, pinasasabik nito ang kaluluwa. Sila'y may isang bagay na kanilang pinananabikan. Isang babae ang nagtungo at inilagay ang kaniyang ulo sa isang bagay roon, at ipinapalagay nilang siya ay martir, at wala siyang kinalaman na maging doon. Ngayon ating nalaman na ang mga taong ito [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay] ay may isang bagay na kanilang maipalampak ang kanilang mga kamay. Sila'y masasaya. Sila'y may ginagawang isang bagay.

<sup>128</sup> Buweno, kung makakaya ninyong gawin iyan para sa isang— isang prinsipyo na inakala ninyong tama rito; at pagkatapos tumayo sa isang simbahan at may pumalakpak ng kanilang mga kamay o ipinadyak ang kanilang paa, ang mga diakono ay aakayin sila palabas sa pinto. Kita n'yo, kanilang ibinaling ang mga tao nila sa isang maruming lubluban ng kredo at denominasyon, kaysa pakainin sila sa pinagpalang banal na Salita ng Dios, na dinala sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo.

<sup>129</sup> Kita n'yo, sila'y nagsisikap na, pinaparam nila ang kanilang pagkauhaw sa pagsasabing, “Ako si Doktor *Ganito-at-ganoon*,” o nagtapos sa isang kilalang seminaryo o isang kilalang paaralan. Nguni't iyon ay hindi nangangahulugan ng isang bagay, hindi ni isang bagay. Nguni't, nakita n'yo, kanilang, kanilang sinisikap na mabigyang kasiyahan ang kanilang sarili, sinasabi, “Ngayon kikilalanin ako ng Dios dahil sa ako ay Kaniyang pastor. Kikilalanin ako ng Dios dahil sa ako si banal na Paring *Ganito-at-ganoon*, o Obispo *Ganito-at-ganoon*,” o—o isang tulad nun. Kanilang sinusubukang tugunan ang kanilang pagkauhaw roon, gayong hindi n'yo kayang gawin ito. “Ako'y nagkaroon ng Ph.D., LL.D. Aking natapos ang aking Batsilyer sa Sining. Mayroon akong ganito.” 'Yan ay mainam. Nguni't, para sa akin, nangangahulugan lamang 'yan na ikaw ay ganiyan na kalayo sa Dios. Iya'y tama. Ganiyan kalayo mula sa Dios, sa tuwina!

<sup>130</sup> Makikilala mo lang ang Dios sa pamamagitan ng karanasan. Hindi mo Ito maaaring mapag-aralan. Ito'y taglay mo nang ikaw ay ipanganak! Ito'y isang bagay na ipinagkaloob ng Dios sa iyo. Ang edukasyon ay walang kinalaman Dito. Isa sa mga pinakadakilang tao sa Biblia ay hindi man lamang alam na isulat ang kaniyang pangalan, si San Pedro. 'Yan ang talagang totoo, siya at si Juan, sinabi ng Biblia, “Sila kapuwa ay mangmang at walang pinag-aralan.” Nguni't nalulugod si Jesus na ibigay sa kaniya ang mga susi ng Kaharian, dahil sa siya ay nauuhaw sa Dios. Amen. Nauuhaw sa Dios, pakikisama. Opo, ginoo. O, naku!

<sup>131</sup> Naisip ko si Isaias, ang kabataang lalaking iyon, oh, isang mabuting kabataang lalaki, siya ay naroon sa templo, isang araw.

<sup>132</sup> Ang dakilang hari, at humanga siya sa kaniya at inisip na siya ay isa sa mga pinakadakilang tao. Na, siya nga ay isang dakilang tao. Siya'y pinalaki, sa mga mabuting magulang, sa isang mabuting ina at ama. Nguni't nang siya'y lumabas, ang kaniyang pamamahala ay malinis, at kaniyang ginawa ang mga bagay na matuwid sa Dios. At si Isaias ay tumingin sa kaniya at inisip na siya'y isang dakilang tao, ginawa siya bilang huwaran. Nguni't huwag n'yo (kailanman) ilagay ang isang tao, kundi ang Taong si Cristo Jesus, bilang inyong Huwaran. Lahat ng

tao ay mabibigo. Pagkaraan ng ilang panahon, napunta siya sa kalalagayan; siya noon ay—siya noon ay hari, nguni't tinangka niyang kunin ang lugar ng saserdote at pumaroon sa loob ng templo, at siya ay dinapuan ng ketong.

<sup>133</sup> Pagkatapos si Isaias ay lubos na nangamba, kaya siya ay pumaroon sa templo at siya ay nagsimula na—na manalangin, inisip niyang siya'y paroroon at mananalangin sandali. At ngayon, tingnan, ang taong iyon ay isang propeta; nguni't doon sa templo ay isang kabataang lalaki, siya'y umiiyak sa Dios, isang araw, at isang pangitain ang nakita niya sa kaniyang harapan. At nang magkagayon, nakakita siya ng mga Anghel, mga Querubin, na ang Kanilang mga mukha ay natatakpan ng Kanilang—ng Kanilang mga pakpak, at ang Kanilang mga paa ay natatakpan, at lumilipad sa dalawang pakpak. At Sila'y paparoo't paparito, pabalik-balik sa templo, nagsasabi, “Banal, banal, banal ang Panginoong Dios na Makapangyarihan sa lahat.”

<sup>134</sup> At si Isaias, ang dakilang pagkauhaw na iyon na taglay niya, siya—siya marahil ay nakapag-aaral. Siya—siya marahil ay may magandang edukasyon. Mayroon siyang isang—isang dakilang kaunawaan kung ano dapat ang Dios. Kaniya—kaniyang napakinggan ang mga saserdote. Siya ay matagal na sa templo. Siya ay pinalaki upang maging isang—isang mananampalataya, nguni't, nakita n'yo, hindi pa niya kailanman Ito nakita nang mukhaan. Kita n'yo? Siya—siya ay may pagnanasa na gumawa ng tama. Gusto niyang maging tama, nguni't taglay lamang niya ang kaunawaang nakuha niya sa edukasyon. Taglay niya ang kaunawaang teolohikal Nito.

<sup>135</sup> Nguni't nang siya ay naparoon sa templo nang araw na iyon, at nakita niya ang mga Querubin na ito na ikinakampay ang mga pakpak na ito pabalik-balik, at napagtanto na ang mga Angel na ito ay naglingkod sa harapan ng Dios. At Silang mga Angel ay hindi man lang alam kung ano ang kasalanan, at, para tumayo sa Presensiya ng Dios, kailangan Nilang takpan ang Kanilang mga banal na mukha, para makatayo sa Presensiya ng Dios. Nang magkagayo'y sinabi ng propetang iyon, “Sa aba ko, sapagka't ako'y lalaking may maruming labi. Lahat ng aking mga teolohiya, teolohiya at mga bagay na natutunan ko, ang lahat ng aking mga dakilang kaunawaan patungkol sa Dios, nakikita ko ito nang harapan ngayon.” Sabi niya, “Ako'y lalaking may maruming labi, at ako'y nananahan kasama ng mga taong may maruming labi.” Ang lahat ng kanilang mga katuruan sa kautusan, at mga bagay na kanilang nagawa, ay hindi kailanman nakaabot sa dakong kaniyang narating kung saan naroon ang Presensiya ng Dios, at nakita ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang mga sariling mata; at ang Kaniyang landas, nang Siya ay nakaupo roon sa Kaitaasan, sa Kalangitan. At siya'y naroon, nakikita nang mukhaan ang katotohanan. At

sinabi niya, “Ako’y lalaking may maruming labi, at nananahan akong kasama ng mga taong makasalanan.”

<sup>136</sup> Pagkatapos nangyari na ang Querubin ay kumuha ng pang-ipit, at isang baga ng Apoy mula sa dambana, at hinipo silang maruruming labi. At ginawa siya na mula sa pagiging duwag, o mula sa isang edukadong tao, isang tagapagturo, tungo sa isang propeta kung saan ang Salita ng Dios ay makakapangusap. Tiyak, habang siya’y nasa Presensiya ng Dios, Ito’y isang bagay na kakaiba. Ang pagkauhaw na ’yan na nasa kaniya, ay umabot nga sa dakong iyon, hanggang sa siya ay napuspos Dito.

<sup>137</sup> At hayaang sabihin ko sa iyo, kaibigan, wala akong pakialam kung gaano karaming iglesia ang inaaniban mo, ilang pangalan ang ikabit mo, saang daan ka patungo, at maging ikaw man ay winisikan, binautismuhan, o ano ka man; hangga’t makilala mo ang Personang iyon, si Jesus Cristo! Iyon, ’yon lang ang bagay na makapagbibigay-kasiyahan.

<sup>138</sup> Hindi ito magagawa ng emosyon; maaaring ika’y tumalon pataas-at-pababa at sumigaw hangga’t gusto mo, o maaaring tumakbo ka pabalik-balik sa sahig, at maaaring ikaw ay magsalita sa iba’t ibang wika hangga’t gugustuhin mo. At silang mga bagay ay banal at mainam. Wala akong sinasabing—wala akong sinasabing anumang laban diyan. Nguni’t hangga’t makatagpo mo ang Personang iyon, ang Bahaging nagbibigay-kasiyahan, ang Isang Bagay na iyon na pinupuno ang lahat ng himaymay ng iyong katawan; hindi sa pamamagitan ng emosyon, kundi sa pamamagitan ng kasiyahan!

<sup>139</sup> Dati-rati’y may makikitang maliit na karatula, nagsabi, “Kung ika’y nauuhaw, sabihin Parfay.” Dati’y may maliit na inumin, nang ako ay bata pa, tinatawag na Parfay. Naalala ko habang naglalakad sa daan, oh, mula sa pangingisda, ako ay galing sa maliit na lawa, mga lumang di umaagos na tubig. At ako noon ay halos mamamatay sa gutom, at nakita ko ang isang karatula na nagsasabi, “Kung ika’y nauuhaw, sabihin lang Parfay.” Nagsimula kong sabihin, “Parfay, Parfay.” Lalo akong nauhaw. At ako—ako’y... Kita n’yo, ako—ako—ako’y lalong nauhaw na hindi man lang ako makadura, pagkaraan ng ilang sandali, ako ay talagang—talagang uhaw na uhaw.

<sup>140</sup> Buweno, nakita n’yo, hindi ’yan pupuwede. Walang anumang makatutugon dito. Wala akong pakialam, maaari kayong uminom ng mga coke; maaari ninyong inumin ang anumang maibigan n’yo, sa mga pinatamis ng carbonated na mga tubig, at iba pa, walang ibang makapagbibigay-kasiyahan sa uhaw tulad ng malinis na malamig, malamig na daloy ng tubig. Iyon ang makakatapatid sa pagkauhaw na ’yan. Ang mga ibang bagay na ito ay mga panghalili.

<sup>141</sup> At bakit gugustuhin natin na kumuha ng panghalili, kung mayroong tunay na bautismo ng Espiritu Santo na binibigyang-

kasiyahan ang bawa't himaymay at pagnanasa sa kaluluwa ng tao? Kung gayon tumayo mismo sa harapan ng kamatayan, tulad ng sinabi ng dakilang Apostol na si Pablo, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? At libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Datapuwa't salamat sa Dios, Na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo!" Ganiyan ang karanasan, kapatid, na nagbibigay-kasiyahan sa banal na katahimikan na . . . o iyang banal na pagkauhaw na nasa iyo. Binibigyang-kasiyahan Nito ito. Hindi mo na kailangan na gumawa pa ng anumang bagay ukol dito. Oo, nililinis nito ang mga labi.

<sup>142</sup> At doon din, mga tao lamang na namumuhay sa emosyon, sa . . . Sinasabi ng ilang tao, "Buveno, marami kami niyan sa aming samahang Pentecostal." At sila'y papasok, na mainam, kanilang ipapalampak ang kanilang mga kamay [Ipinalampak ni Kapatid na Branham ang kaniyang mga kamay—Pat.] at tutugtog ng musika. Ang tugtog ay tumitigil, "sh, whew," isang timbang tubig ang bumuhos sa lahat, kita n'yo. Ngayon, ating—ating ginagawa iyon, ating—ating nakagawian nang gawin ang ganiyan. Meron tayong, tayo—tayo'y . . . Ito'y naging isa na lamang sa ating mga kaugalian.

<sup>143</sup> Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Kapag kayo'y nananambahan sa Dios, sa Espiritu at sa Katotohanan, kapag ito'y naging *kaugalian* sa inyo na gawin ito, dahil sa palagay n'yo ay *kailangan* ninyong gawin ito; dahil iniisip n'yo, kung hindi kayo sumisigaw, o tumatalon ng pataas-at-pababa, o sumasayaw sa tugtog, ang kapwa n'yo ay mag-iisip na kayo ay tumalikod na; kayo ay umiinom mula sa isang maruming lawa. Tama!

<sup>144</sup> Hangga't pinupuno Nito ang bawa't himaymay, hangga't sa ang Banal na Espiritu Mismo ang bumubukal sa iyo; wala akong pakialam kung tumutugtog ang musika, kung kanilang tinutugtog ang *Nearer, My God, To Thee*, o ano man ito, ang Espiritu Santo pa rin ay pinatutunog ang mga kampana ng kaluwalhatian sa iyong puso. Iyon ay nagbibigay-kasiyahan. Iyon ang Bahagi na nagbibigay-kasiyahan ng Dios. Anumang maliban doon, ika'y tapos na.

<sup>145</sup> Maaaring magsalita ka ng wika ng tulad sa tao at mga Anghel, maaari mong ibigay ang lahat ng iyong tinatangkilik upang ipakain sa mga dukha, maaaring ikaw ay magpropesiya, at maaaring ikaw ay magkaroon ng kaalaman, maunawaan lahat ng mga hiwaga at lahat ng mga bagay na ito, at ikaw ay wala pa ring kabuluhan (Unang Mga Taga Corinto 13) hanggang sa ang Isang Bagay na nagbibigay-kasiyahan 'yan na tanging makapaparam ng pagkauhaw na 'yan.

<sup>146</sup> "Kinauhawan ng aking kaluluwa ang buhay na Dios, tulad sa usa na humihingal sa pagkauhaw sa tubig ng mga

batis. Malibang masumpungan ko Ito, ako'y mamamatay." Kung kayo ay nasasabik sa Dios nang gayon, may isang bagay na magaganap. Ang Espiritu Santo ay gagabayan kayo sa mga dakilang bukal ng Dios na 'yon. Opo, ginoo.

<sup>147</sup> Ngayon, may isang mabuting bagay, ang sumamba sa Espiritu. Iya'y tama. Nguni't kung minsa'y mayroon kang Espiritu pero walang Katotohanan. Ang San Juan 4, nagsabi, "Tayo'y sumasamba sa Dios, ang Espiritu at Katotohanan." At si Jesus ang Katotohanan. 'Yan ay talagang tama. At Siya ay ang Salita.

<sup>148</sup> Ang mga batis na ibinigay ng Dios upang magbigay-kasiyahan sa iyo, sa natural, dinumihan ni Satanas bawa't isa sa kanila. Kaniyang nilagyan ng nakakalasang droga ang bawa't isang mapapasukan niya. Iya'y tama. Kaniyang ginamit ang malaking sapa na 'yan, ng iglesia.

<sup>149</sup> Iyon, iyon ay pamamaraan ng Dios. Sinabi ni Jesus, "Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kaniya."

<sup>150</sup> Ngayon may iba't ibang mga pagtatalu-talo niyan. Ang mga taong Romano, ang mga Katoliko ay nagsasabi, "Kaniyang itinayo Ito kay Pedro." Kita n'yo, at kung ganoon nga, si Pedro ay tumalikod, sa loob ng ilang araw. Kaya nga, hindi Ito. Ito'y tiyak na hindi itinayo kay Pedro, *Petra*, ang munting bato. At pagkatapos ang mga Protestante ay nagsasabi, na, "Kaniyang itinayo ito sa sarili Niya Mismo, si Jesus Cristo." Hindi para maging iba, nguni't iba ang paniniwala ko sa kanila. Hindi Niya kailanman itinayo Ito sa alinman sa dalawa.

<sup>151</sup> Kaniyang itinayo Ito sa kapahayagan kung Sino Siya. Kaniyang sinabi, "Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas, ang laman at dugo ay hindi kailanman ito ipinahayag sa iyo, kundi ang Aking Ama na nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo." Hindi sa pamamagitan ng karunungan! Hindi mo Ito natutunan sa pamamagitan ng mga aklat. Hindi mo Ito natutunan sa pag-anib sa iglesia. Hindi mo Ito natutunan sa mga pagsigaw. Iyong natutunan. . . Kundi ang Espiritu Santo Mismo ang nagdala sa Katauhan ni Jesus Cristo sa iyo, kung gayon, "Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban sa Kaniya." Ang banal na pagkauhaw na iyon ay nabigyang-kasiyahan na sa Katauhan ni Jesus Cristo. Hayan nga kayo. 'Yan ang bagay na gusto nating makita, bigyang-kasiyahan ang pagkauhaw na 'yan sa pamamagitan Niyaon. Buweno, nakita nating kailangan natin.

<sup>152</sup> Kaalaman? O, naku! Ang kaalaman ay isang dakilang bagay, tayo'y napupuno, at ngayon tayo'y punong-puno nito. Nguni't nakita n'yo, ang kaalaman. . . gaya ng sinasabi ko nang nakaraang araw, nangungusap sa paksang iyan na kaalaman. May isang lalaking nakatayo sa labas, nakikipag-usap sa isang

kaibigan ko roon, sabi, “Kung ang isang tao ay hindi naniniwala sa edukasyon, bakit siya nagbabasa ng Biblia?” Sila . . .

153 Inisip ko, “Buweno, kung hindi nila napag-unawa ang sinabi ng Panginoong Jesus, paano nilang mauunawaan ang isang mangmang na tulad ko, kung ano ang sinasabi ko?” Ni hindi man lamang nila Siya maunawaan, sa gayong kasing linaw Niya.

154 Kaniyang sinabi roon isang araw, “Malibang kanin ninyo ang laman, ang Dugo, inumin ang Dugo at kanin ang laman ng Anak ng tao, wala kayong Buhay sa inyo.” Hindi Niya Ito ipinaliwanag. Siya’y nagpatuloy lumakad. Iya’y tama. Kita n’yo?

155 “Buweno,” sabi nila, “ang Taong ito ay isang kanibal. Gusto namin Siya . . . na kanin ang Kaniyang laman, inumin ang Kaniyang Dugo. Siya ay isang bampira. Kita n’yo, gusto Niya tayong maging bampira.” Kita n’yo? Silang mga intelektuwal!

156 Nguni’t sinabi Niya, “Ang Aking mga tupa ay dumirinig ng Aking Tinig.” Kita n’yo, Ito’y darating sa mga Hinirang, humirang ang Dios sa pamamagitan ng paunang-kaalaman. “At sila na ang Ama . . . Walang taong makalalapit sa Akin maliban nang ang Ama ang magdala sa kaniya. At ang lahat ng ibinigay ng Ama sa Akin, sila’y magsisilapit, mauunawaan nila Ito.”

157 Silang mga alagad ay hindi naunawaan Ito, nguni’t sinampalatayanan nila Ito. Kita n’yo? Iya’y tama. Kung inyong sasampalatayanan Ito! Hindi ko mauunawaan ang maraming bagay. Sinasampalatayanan ko Ito, ganoon pa man, kita n’yo, dahil sa sinabi ng Dios na ganoon nga.

158 Kaalaman. Alam n’yo, ang ebanghelyo ni Satanas ay kaalaman. Alam ba n’yo ’yon? Kaniya itong ipinangaral sa halamanan ng Eden, kay Eba, at siya ay nalinlang sa pamamagitan ng kaniyang ebanghelyo na kaalaman. Ngayon, at dinumihan ang buong lahi ng tao, sa pamamagitan nito. ’Yan ang talagang tama. Kanilang kinuha ang mga programang pang-edukasyon, inilagay sila sa iglesia. Sila’y mainam *doon*, nguni’t hindi sa Salita ng Dios. Hindi, po. Hindi mo nakikilala ang Dios sa pamamagitan ng edukasyon. Hindi mo nakikilala ang Dios sa—sa—sa pagkaalam kung paano, sa pag-aaral ng matematika at sa pagbibigkas ng mga malalalim na salita.

159 Si Pablo, siya’y isang matalinong tao. Nguni’t nang siya’y lumapit kay Cristo, at tinanggap ang Espiritu Santo, nagtungo sa mga taga-Corinto, sinabi niya, “Hindi ako naparito sa inyo na may mga salitang panghikayat ng karunungan ng tao,” bagama’t kaya niya itong gawin. Sabi, “Ako’y naparito sa inyo sa kapangyarihan at sa kaphayagan ng Espiritu Santo, upang ang inyong pananampalataya ay masalig sa Dios, hindi sa karunungan ng sinumang tao.”

160 Ngayon kung minsan ginagawa natin ang mga programa sa iglesia, kanila ring pinipili ang kanilang—kanilang pastor. Ang iglesia ay bumoboto ng kanilang pastor, sinasabi nila,

“Buweno, ang pastor na ito, ngayon, siya ay may dalawang kursong natapos sa kolehiyo. Siya’y natuto ng apat na taon ng sikolohiya. Siya ay kumuha ng *ganito*, *ganiyan*, ng *iba pa*.” At kanilang iboboto ang ganoong klaseng tao (bakit?) kaysa isang pastor na naniniwala sa Salita ng Dios bilang kinasihan at bilang Dios, at ipangangaral ang Salita maging ano pa man ang pakiramdam ng mga tao ukol Dito.

<sup>161</sup> Sinabi ng Dios kay Ezekiel, alam n’yo, sabi, “Ipangaral mo iyan paniwalaan man nila Ito o hindi. Ipangaral mo, pa rin.” Kita n’yo? Tama. Tanggapin man nila Ito, o hindi, hindi iyon. Hindi nila tinanggap si Jesus. Siya’y nagpatuloy, ipinangaral pa rin Ito nang ganun. Kita n’yo?

<sup>162</sup> Kaysa isang tunay na pastor na talagang ipangangaral ang Salita at naniniwala sa Dios, kanilang—kanilang—kanilang ipinipilit na ipasok ang—ang kaalaman, ang lalaking may pinakamataas na edukasyon; ang lalaking makatatayo sa pulpito at hindi magtatagal man lang ng mga labing limang minuto, para sila’y makauwi kaagad, at pupunta (ang ilan) gagawa ng iba pang bagay, at si Ricky ay makakasakay na sa kaniyang kotse at makakalabas, at sila’y makaparoroon sa mga twist parties at lahat na. At ito’y, oh, ito’y—ito lamang ito ay—ito’y wala ng iba pa kundi isang hybrid na edukasyonal na polusyon. Iya’y tama. Eksakto lamang kung ano ito. Iya’y tama. Nguni’t ano ito? Binibigyang-kasiyahan nito ang kanilang panlasa, kita n’yo, binibigyang-kasiyahan nito ang panlasa ng isang makamundong miyembro ng iglesia.

Hindi nito binibigyang-kasiyahan ang panlasa ng banal. Tatanggapin niya ang Salita sa lahat ng oras!

<sup>163</sup> Nguni’t sinasabi nila, “Oh, buweno, ngayon ang mga taong iyan ay medyo wala sa kanilang kaisipan.” Kita n’yo, sadyang hindi nila, hindi nila ito nauunawaan. Sila, kanilang pinipilit na mabuhay sa isang panahong lumipas na.

<sup>164</sup> Hindi ba ito nakapagtataka! Ako’y nagtungo rito sa Kanluran, at nalaman kong silang lahat ay nagsusumikap na mabuhay sa panahong lumipas, gusto nila lagi ang makalumang panahon ng mga cowboy. At pupunta sa Kentucky, ang mga makalumang panahon ng hillbilly, gusto nilang tularan ito, magkaroon ng mga programa nito. Nguni’t pagdating sa makalumang Relihiyon, ayaw nila ng anumang tungkol doon.

<sup>165</sup> Mga makalumang panahon? Ako’y nagtungo rito sa panahon ng rodeo, nakita ko na sila’y may isang tanyag na babae roon, ’yang berdeng bagay sa ilalim ng kaniyang mga mata, at maikasing gupit na buhok, isang sigarilyo sa kaniyang bibig. Aba, kung nakita nila ’yan doon noong mga panahong lumipas, inisip marahil nila na siya ay may sakit kung saan. Sila, kanilang—kanilang—kanila marahil siyang ipinasok na. Paano kung ang inyong ina ay lumabas, nakasuot ng gaya ninyo at ng inyong



anak na babae ngayon, ano marahil ang nangyari? Ipapasok nila siya sa lugar ng mga baliw. Tiyak, siya'y lalabas na hindi nakapalda. Buweno, ngayon tandaan, ito'y gayunding bagay sa araw na ito.

<sup>166</sup> Ang tao ay nabubulok na sa kanilang laman. Kung sila'y dumaraan sa kalagitnaan ng edad, sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't limang taong gulang, ang kanilang mga selula sa utak ay nasisira rin. Wala silang... Ang mga tao'y naging ganoon kaya sila wala nang sapat na pang-unawa. Hindi na nila alam kung ano ang ibig sabihin ng kagandahang-asal. Hindi nila alam ang pagkakaiba ng tama at mali. At, oh, kahit pa, ang kanilang mga palatuntunang pang-edukasyon, kanila...

<sup>167</sup> Alam n'yo ba, ang edukasyon, mapatutunayan ko ito sa inyo, ay sa Diablo? Hindi ang pagbasa at pagsulat; kundi, ibig kong sabihin, ang paglalagay ng kanilang edukasyon sa inyong iglesia.

<sup>168</sup> Ano ang pinagsasaligan ng komunismo? Siyensiya, edukasyon, 'yan ang kanilang dios. Si Satanas, kita n'yo, 'yan ang kung ano ang kaniyang ipinakilala kay Eba. 'Yan ang kung ano ang kanila pa ring pinanghahawakan.

<sup>169</sup> Ngayon ito ay nakapasok na sa ating mga simbahan, nakapasok sa Baptist, mga Methodist, at Presbyterian, mga Pentecostal, at lahat. Isang edukasyon, intelektuwal, isang dakilang *ganito-at-ganoon* at isang bagay na tulad nun, iyon lamang ay lalong nagdadala sa kaniya palayo sa Dios. Ito'y mali. Opang, ginoo. Ngayon, ating nalalaman, na (sila) binibigyang-kasiyahan nito ang kanilang pagnanasa. Kung ang—kung ang isang—isang iglesia ay pipili ng isang bagay na tulad niyan, ipinapakita lamang kung ano ang nasa kaisipan ng iglesiang iyon, kung ano ang kanilang pagnanasa, kung para saan ang kanilang pagkauhaw. Gusto nilang sabihin, “Ang aming pastor ay malawak ang kaisipan. Walang anuman sa kaniya na kami'y magkakasamang naliligo, at siya'y sumasama sa amin.”

<sup>170</sup> Isang munting batang babae ang nagsabi sa anak kong si Sarah, noong isang araw. Ang kaniyang pastor ay nanggaling sa Africa; at nang siya'y bumalik, tinanggal niya ang kaniyang mga damit, nang gabing 'yon, na suot ang maliliit na hapit na kasuotan, at ginawa ang watusi para sa kaniya, upang libangin siya dahil sa galing siya sa Africa. Ang Watusi ay isang triboon, alam n'yo. Naku, gusto kong makita ang isa sa mga batang babae, sa aking kongregasyon, na subuking gumawa ng isang bagay tulad nun, watusi?

<sup>171</sup> Kita n'yo, ipinakikita lamang! At ang pastor ay uupo at panoorin ang isa sa kaniyang kongregasyon, isang munting (labing anim o labing walong taong gulang) na batang babae doon nahuhubaran ng ganoon, at palalampasin siya sa ganoon, nagpapakita na siya ay galing sa isang lubluban, ang pastor

mismo, isang tao ng Dios ay gagawa ng isang bagay na ganoon. Totoo.

<sup>172</sup> Iyan ay tahasan sa pakinig, nguni't napagtatanto kong nangungusap ako sa iba't ibang dako ng bansa, rin. Nguni't alam n'yo rin ito, kapatid na lalaki, kapatid na babae, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo, 'yan ang Katotohanan.

<sup>173</sup> Ang buwitre ay gusto ang mga patay na bagay. Iya'y tama. At 'yan ay patay! 'Yan ay talagang tama. Malinaw na ipinapakita, malinaw lamang na ipinakikita rito kung ano ang kanilang ulo at ang kanilang tore ng pagkontrol, kung ano ito na nagbibigay sa kanila, kita n'yo, kung ano ang nasa kanilang kaluluwa. Ang kanilang kaluluwa ay nasasabik sa mga bagay na tulad niyan.

<sup>174</sup> Ang kanilang kaluluwa ay nasasabik para sa isang mataas na intelektuwal na iglesia, kung saan ang mga tao ay nakabihis ng talagang mainam, at ang pastor ay gumugugol ng labing limang minuto, o dalawampu. At kung lalabis ka roon, kanila siyang hihilahin doon sa kapulungan ng mga diakono. At hindi niya dapat sabihin ang anuman tungkol sa kasalanan. Hindi niya dapat sabihin ang anuman tungkol sa pagsusuot ng syorts, at walang sasabihin tungkol sa mga taong gumagawa ng *ganito*, *ganoon*, o ng *iba pa*. Hindi niya man lang dapat banggitin iyon. Kung gagawin nila, itatapon siya palabas ng kapulungan. Kita n'yo kung ano ito? 'Yan ang kanilang panala ng taong nag-iisip.

<sup>175</sup> Sinabi ng Biblia, sa Unang Juan 2:15, “Kung inyong iniibig itong sistema ng sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutang ito, ito'y dahil ang pag-ibig ng Dios ay wala sa inyo.”

<sup>176</sup> Ngayon paano naman itong lahat ng mga ipinagpapatuloy nilang ginagawa sa araw na ito, sa pangalan ng iglesia; nagsasanay ng pagsasayaw ng square dance sa simbahan, larong bunco, bingo, mga salu-salo, rock-and-roll ng mga kabataan, mga twist, lahat ng mga bagay na ito! Tingnan ang Elvis Presley na ito, isang diablong nagkukubli sa kaniyang katauhan! Si Pat Boone, Ricky Nelson, ang pinakamalaking pagkakautang kailanman na nagkaroon ang bansang ito. Iya'y tama. Sinasabi nila, “O, sila'y napakarelihiyoso, umaawit sila ng mga awiting Cristiano.” Hindi sila dapat. Ang—ang iglesia'y hindi dapat pahintulutan man lang ang isang bagay na ganoon! Ang ilan sa mga kalalaking ito ay nagtutungo rito, at—at sa gabling ito ay nasa isang—isang bahay aliwan dito, nagsasayaw at tumutugtog at lahat na, at sa susunod na gabi sila'y lalapit sa altar at iiyak, at sa susunod na gabi sila ay tutugtog sa entablado. Oh, naku, mahabagin! Gaano pa ang karumihan, gaano pa kalayo ang patutunguhan ng karumihan, ba? Opo, ginoo. Patunayan muna niya ang kaniyang sarili na isa siyang tao ng Dios, hindi ang mga bagay na ito na dahil lamang kaya niyang tugtugin ang isang lumang gitara o isang bagay.

177 Sa pamamagitan ng iyong ninanasa, masasabi mo kung sino ang nasa luklukan ng iyong puso. Sa kung ano ang iniibig mo, iyan ang kung ano ang inihahayag. Iyong, sinasabi mo, “Buweno, sa palagay ko’y silang mga bagay ay ayos lang, Kapatid na Branham.” Buweno, alalahanin mo lamang ngayon, sa puso mo, alam mo kung ano ang naroroon. Opo, ginoo. Sa kung ano ang nagpapakain sa iyong kaluluwa, kung ano ang kinauhawan ng iyong kaluluwa, at nakikita mo itong binibigyang-kasiyahan iyon; kung ito’y hindi ang Salitang ito, kung gayon may isang bagay na mali, sapagka’t ang Espiritu Santo ay tumatahan lamang sa Salita. Kita n’yo?

178 Gusto kong makita n’yo ang isa pang malaking panganib, bago lamang tayo magsara, kung hindi ka—kung hindi ka nagkasala sa anuman sa mga bagay na ito na aking nabanggit, at, iyon ay, ang panganib sa pagwawalang-bahala sa pagkauhaw. Kita n’yo? Sinasabi mo, “Ako’y may banal na pagkauhaw. Nguni’t ako—ako’y hindi nagkasala, Kapatid na Branham, ng pagpunta lamang at pag-anib sa simbahan, at mga bagay na gaya nito.” Nguni’t, kita n’yo, ang ipagwalang-bahala ang isang pagkauhaw! Kung niwalang-bahala mong tugunin ang pagkauhaw sa tubig o pagkain, ika’y mamamatay. At kung iyong niwalang-bahala ang pagkauhaw na nasa iyo, para sa Dios, mamamatay ka sa espirituwal.

179 Kayo’y tumatawag para sa mga rebaybal, hinihintay n’yo na magkaroon ang inyong iglesia ng rebaybal. Buweno, hindi iyon—hindi iyon ang rebaybal para sa iyo. Ang rebaybal ay dapat magsimula sa iyo, kapag ikaw ay nagsimulang mauhaw sa Dios. Maaaring wala nang iba pang miyembro, sa iglesia, ang naghahangad ng rebaybal na iyon. Kung ito’y magsisimula sa iyo, ito’y madadama sa iba pang dako. Kita n’yo? Nguni’t, kita n’yo, inyong ipinagwawalang-bahala ang pagkauhaw na iyon.

180 Ipinagwawalang-bahala mong gatasan ang baka, nang ang baka ay...ang suso ay puno ng gatas; at kung hahayaan mong manatili ang baka sa ganoon, siya’y matutuyo. ’Yan ay eksaktong tama. Kung ipinagwawalang-bahala mo ang pag-inom ng tubig, sasabihin, “Hindi na kailanman ako iinom,” ika’y mamamatay. Iyong niwawalang-bahala ang kumain ng pagkain, ika’y mamamatay.

181 Kaya kung kinakaligtaan mong bigyan ang Espiritu Santo ng Salita ng Dios, ika’y mamamatay.

182 Kayong mga Cristiano, kayong mga Baptist, mga Metodista, mga Presbyterian, mga Pentecostal, Assemblies of God, Oneness, Twoness, Threeness, ano man kayo, kita n’yo; wala akong pakialam, ’yon ay walang anuman sa akin, palagay ko’y ganoon din ito sa Dios. Kita n’yo, kayo’y indibiduwal, kayo’y isang kabuuan. Hindi kayo kailanman makaparoroon sa Langit bilang isang iglesia, o isang—isang denominasyon. Kayo’y pupunta

sa langit bilang iisang persona, sa pagitan mo at ng Dios. Iyon lang. Wala akong pakialam kung anong iglesia ang kinabibilangan mo.

<sup>183</sup> At kung iyong ipinagwawalang-bahala na basahin ang Biblia at sampalatayanan ang Biblia, at ang Espiritu Santo na kumain Niyaon, ikaw ay mamamatay. Sinabi ni Jesus sa San Juan 4:3; ang Kasulatan na meron ako mismo. . . Sinabi ni Jesus na, “Ang tao ay hindi lamang sa tinapay nabubuhay, kundi sa bawa’t Salita,” hindi lamang bahagi Nito.

<sup>184</sup> Tayo’y kukuha ng kaunti, maliit na bahagi *rito*. Tinatawag ko iyon na nakikiangkas sa Biblia. Sinasabi nila, “Buweno, pinaniniwalaan ko *Ito*, nguni’t ngayon tayo’y dumako *rito*, tingnan.” Kita n’yo?

<sup>185</sup> Kailangan mo Itong tanggapin, Salita sa Salita. Sinabi ni Jesus, “Ang tao’y mabubuhay sa bawa’t Salitang lumalabas sa bibig ng Dios.” Nalaman ba n’yo iyon? [Ang kongregasyon nagsasabi, “Amen.”—Pat.]

<sup>186</sup> At, alam n’yo, ating ginawa—ating ginawa ang panahon na ating kinabubuhayan, ating—ating ginawa ang panahong ito na ang. . . isang—isang—isang relihiyosong pagbabaluktot.

<sup>187</sup> Ang aking anak na babae ay tinawagan ako, hindi pa katagalan, at sinabi sa akin, “Itay,” sa kasunod ng bahay, sabi niya, “magpunta ka rito, kami’y magkakaroon ng programang pang-relihiyon.” Ito ay isang kantahan, awitan ng mga himno, at may isang maliit na Ricky na nagbabasa nito roon. At kung nakakita man ako ng mapaglapastangang gawain, iyon ’yon. Silang mga lalaki roon, at mga tao, ito’y mas nagmukhang parang palabas sa entablado. Kunwari’y isang tribong Indian, at sila’y nagpapatuloy, at—at nagsisilundag at nagsusuntukan sa isa’t isa.

<sup>188</sup> Saan, anong nangyari sa sinseridad, nasaan na ang mga makalumang himno na dati nating inaawit, at nagsasaya sa Espiritu ng Dios, at mga luhang umaagos sa ating mga pisngi? At ngayon ating pinipilit na pigilan ang ating paghinga hanggang sa tayo’y kapusin sa hangin, hanggang ang ating mga mukha’y magkulay asul, para ipakitang tayo’y magaling na mang-aawit. Kita n’yo, nakopya natin iyan sa Hollywood, at lahat nitong mga programa na ating nakikita sa mga intelektuwal na himnong pagkanta at pagsasanay ng mga tinig. Aking—gustong-gusto kong marinig ang mainam na pag-aawitan; gusto kong marinig ang mga mainam na makaluma, taos-puso, na pag-aawitang pentecostal. Pero talagang ayaw kong marinig ’yang paglalangitngit na tinatawag nilang pag-awit, ngayon. Iya’y tama. Sa palagay ko ’yan ang pinakakatawa-tawang bagay. Ito’y isang pagbabaluktot. Iya’y tama.

<sup>189</sup> Gusto kong makita ang isang lalaki kung siya ay lalaki. Ayaw kong makakita ng isa na nakasuot ng panloob na damit ng

kaniyang maybahay sa labas dito, at natabasan sa may gilid; at— at may roller na nakasabit dito sa harapan, at dalawang kulay ng buhok na nakasabit gaya ng bangs, na pinutulan sa harapan. Iyan, ako—hindi ko iyan matatawag na isang lalaki. Hindi niya alam kung anong panig ng lahi ang kaniyang kinabibilangan. Kita n'yo? Iya'y tama. Nakikita n'yo ang babae, tingnan, pinipilit putulan ng babae ang kaniyang buhok, ginagawa niyang tulad sa lalaki ang kaniyang buhok; pinipilit gawin ng lalaki ang kaniyang buhok, bangs, tulad ng sa babae. Isinusuot ng lalaki ang damit-panloob ng kaniyang maybahay; isinusuot ng asawang babae ang pantalon ng asawang lalaki. Kita n'yo, isa lamang pagbabaluktot, pa rin.

<sup>190</sup> At 'yan ay ganoon ding bagay sa mga bansa, sa mga tao, sa mga simbahan, sa lahat ng bagay. Oh, Dios! Nasaan ang dulo ng bagay na ito? Ang Pagparito ng Panginoong Jesus Cristo, iyon ang dulo nito.

<sup>191</sup> Ganoon din, kung iyong niwalang-bahalang pakainin ang Espiritu Santo ng Salita ng Dios! Sinabi ni Jesus, “Ang bawa't Salita ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo.” At pakinggan ngayon. Kung inyong susubukang pakanin Ito ng maling bagay, kung Ito'y ang tunay na Espiritu Santo sa inyo, malalaman Nito ang pagkakaiba. Ngayon, tandaan, ang Salita ng Dios ay kung ano ang kinakain ng Espiritu Santo. Hindi pagiging masigla ang pagkain Nito. Hindi edukasyon ang pagkain Nito. Hindi pagtungo sa simbahan ang pagkain Nito. Hindi teolohiya ang pagkain Nito. May malaking kaibhan sa pagitan ng isang kinasihang bagay at isang teolohikal na kuro-kuro dito.

<sup>192</sup> Lahat ng mga teologo sa mga araw ni Jesus, naku, nasa kanila ang salita sa salita, pahina sa pahina, lahat ay nakalatag na, ang Mesias ay kailangang pumarito sa *ganitong* paraan! 'Yan ay eksakto kung ano ito. At sila, bawa't isa, ay napalampas ito. Alam n'yo kung ano ang sabi ni Jesus nang Siya'y pumarito, sabi, “Kayo'y sa inyong amang Diablo, at ang kaniyang mga gawa ay inyong gagawin.”

<sup>193</sup> Hindi naipahayag sa kanila kung ano ang tunay na Salita. Kita n'yo, napalampas nila ang maliliit na mga sulok na iyon, gaya na kanilang pinalalampas ngayon. “Kung ika'y mapabilang sa *ganito* at mapabilang sa *ganito*, ikaw ay mapapabuti.” Huwag n'yong paniniwalaan 'yan. Kailangang mapabilang kayo kay Cristo. At kung mayroong Isang bagay sa inyo, na nasasabik kay Cristo!

<sup>194</sup> Alalahanin lamang, nang ika'y nasa balakang ng iyong ama, kasama mo na siya noon. Nguni't hindi ka pa kilala ng iyong ama noon, at hindi mo pa kilala ang iyong ama. At kinailangan kang dumating at ipanganak. Ang Dios ay gumawa ng daan sa pamamagitan ng iyong ina, para sa—sa pagtatamnan ng binhi, at pagkatapos ito'y lumabas. At pagkatapos ika'y naging isang

lalaki o isang babae, anuman ito, pagkatapos nakilala mo ang iyong ama, at ang iyong ama ay maaari ka nang makasalamuha.

<sup>195</sup> Ngayon, tandaan, kung ikaw ay may Buhay na Walang Hanggan, ang iyong Buhay ay nasa Dios nang pasimula. At, ang Buhay, ang Dios ay ang Salita. At pagkatapos nang ang Salita ay naging laman kay Jesus Cristo, ang Dios ay pumanaog upang manahan sa Kaniyang Sariling katawan, ginawa ang Kaniyang Sarili na Anak ng Dios. Nang ang Dios ay nanaog upang manahan doon, ikaw ay nasa Kaniya nang Siya ay ipinako. At ikaw ay napakong kasama Niya, at ikaw ay namatay na kasama Niya sa Kalbaryo. Ikaw ay ibinaon kasama Niya, sa bundok. At ikaw ay bumangong kasama Niya, sa umaga ng Araw ng Muling Pagkabuhay. At ngayon kayo'y magkasalong nakaupo sa mga Makalangit na dako, sa Kaniya, at ngayon ay mayroon kayong pakikisama sa Kaniya. Kita n'yo?

<sup>196</sup> Ang Dios Mismo ay naging isa sa atin. “Walang taong nakakita sa Ama, kailan man, ang bugtong na (Anak) ng Ama ang nagpakilala sa Kaniya.” Iyon, ang Dios na naging Tao, upang makasama ka Niya bilang tao. Kita n'yo? At ngayon ikaw ay—ikaw ay laman, at Siya ay laman. Ang Dios ay nagkatawang laman sa gitna natin, sa Katauhan ng Kaniyang Anak, si Jesus Cristo. At ang nasa Kaniya ay ang Dios. Siya ang Dios, hindi bababa sa Dios. Siya ang Dios. “Dios na nahayag sa Anak, si Jesus Cristo,” na Siyang naging *Emmanuel*, gaya ng sinabi ng propeta na Siya nga'y magiging ganoon.

<sup>197</sup> Ngayon kita n'yo, kung gayon, kayo nga'y naroon na bago pa naanyuan ang sanlibutan, ang inyong pangalan ay isinulat sa Aklat ng Buhay ng Kordero. At kung gayon anong puwede n'yong kanin? Ang Espiritu Santo ay nabubuhay sa Salita ng Dios. At ngayon sa Apocalipsis 22:19, sinabi ng Biblia, “Sinoman ang mag-alis ng isang Salita mula *Rito*, o magdagdag ng isang salita *Rito*, ang kaniyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay.” Nakita n'yo kung gaano ito kalalim? Hindi n'yo, ang Espiritu Santo ay hindi mamumuhay sa mga bagay ng sanlibutan.

<sup>198</sup> Katulad ng isang ibong kalapati at isang uwak. Ang uwak ay isang napakalaking hipokrito. Ang uwak, ang isang iyon ay maaaring magtungo rito at makakakain ng trigo buong araw; at paroroon at lilipad sa isang patay, ang matagal nang patay na bangkay, at kainin din ito. Maaari siyang umupo sa bukid at kasalong kumain ang kalapati, trigo, at magtungo at kumain sa bangkay.

<sup>199</sup> Nguni't ang kalapati ay makakakain ng trigo buong araw, nguni't ito ay hindi makakakain sa isang bangkay, dahil sa ito'y kalapati. At ang kalapati ay walang anomang apdo. Isang kagat sa bangkay na iyon, mapapatay nito ang kalapati. Kita n'yo, wala itong apdo. At ganoon nga ito, walang kapaitan.

200 Ganoon sa isang tunay, totoong Cristiano. Hindi nila gusto ang mga bagay ng sanlibutan. Kumakain lamang sila ng Salita ng Dios, at Iyon lang; kung ano ang malinis, ang Panala ng taong nag-iisip. Kita nyo, sila'y dumadaan Doon, at Doon lamang. Ang mga patay na bagay ng sanlibutan, ito'y mabaho sa kanila.

201 Tingnan ang matandang uwak noong mga panahon ng paggunaw sa sanlibutan sa pamamagitan ng tubig, lumilipad mula sa isang katawan tungo sa isa pang katawan, kinakain silang matagal nang namatay na bangkay, hindi na siya bumalik sa daong. Nguni't ang kalapati ay walang mapagpapahingahan ng kaniyang mga paa, kita n'yo, siya'y bumalik sa daong kung saan siya ay nakakakain ng butil. At ganoon tayo, tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng Salita ng Dios.

202 Sa Mga Awit 42. Si David marahil ay isinulat ang Awit na ito, Mga Awit 42, nang siya ay isang takas, nang sabihin niya, "Ang aking kaluluwa ay nauuhaw sa Iyo, kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis." Tingnan, siya'y umiyak. Si David ay isang takas. Siya ay . . . Siya ay may pahid ng langis sa kaniya, alam niyang siya ay magiging hari. Ang propeta ay pinahiran siya bilang hari. Ngayon pansinin, at naroon siya, may maliit siyang grupo ng mga hukbo, binubuo ng mga Gentil, at iba pa, ay nasa itaas ng bundok. Kung saan, ang kaniyang minamahal na siyudad, dahil sa kanilang kasalanan, sila'y napaliligiran ng kampo ng mga Filisteo. At si David, sa mainit na araw na iyon, noon marahil niya isinulat ang Awit na ito, "Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng batis."

203 Pansinin si David sa ganitong kalalagayan. Siya ay tumingin sa baba, kaniyang tiningnan ang minamahal niyang siyudad. At kaniyang naalala nang siya ay munting bata, dati'y kaniyang dinadala ang mga tupa sa tabi nitong isang sapa roon. Iyon ay isang malaking, malaking bayan ng maraming tubig, at gayundin ay bayan ng maraming tinapay, sa baba doon. Totoo, ang *Bethlehem*, ibig sabihin "ang bahay ng Tinapay ng Dios." At pagkatapos nang maalala ni David nang siya'y nagtutungo roon at umiinom ng mainam na malamig na tubig, at heto siyang naroon sa itaas ngayon, isang takas, malayo sa kaniyang sariling bayan. Wala siyang lugar na mapupuntahan, at ang kaniyang kaluluwa marahil ay nananabik sa mainam na malamig na tubig na 'yon.

204 Siya'y may ilang mga tagapaglingkod doon na, naku, ang pinakamaliit man na kaniyang nasain ay isang utos na. At sila, tatlo sa kanila, ay ipinakipaglaban ang kanilang daan papasok sa hanay ng mga Filisteong iyon; labing limang milya, pitong milya, o ano man, pababa at pabalik; hinahawi ang kanilang dinadaan, at dinalhan siya ng inumin mula sa tubig na iyon. Nguni't ang pagkauhaw ng kaluluwa . . .

205 Ang kaniyang katawan, siya'y nasa itaas doon, marahil kailangang uminom mula sa kahit anong mainumang mahawakan niya, isang matandang balat ng kambing at bagay-bagay, na may matagal nang mainit na tubig, sa mainit na araw na 'yon. Naisip niya, "Kung ako lang ay makahihimlay at maparam itong aking pagkauhaw! Kung ako lang ay makabababa roon sa Bethlehem at humimlay sa tabi ng bukal na iyon, at uminom!"

206 At nang sila'y bumaba at nakakuha ng tubig, at dinala ito pabalik, ang pagkauhaw ng kaniyang kaluluwa ay lalong mas higit, hindi para sa Bethlehem, kundi mula sa Jerusalem; ang kaniya ngang kaluluwa. Kaya kaniyang isinakripisyo ang tubig, sabi, "Hindi ko man lamang ito iinumina." Kaniya itong ibinuhos sa lupa. Kita n'yo, ang kaniyang kaluluwa ay mas nauuhaw sa Dios, kaysa sa bigyang-kasiyahan ang pamatid-uhaw ng isang mainam . . . ang pagkauhaw ng kaniyang katawan, ng isang mainam na malamig na tubig. Ibinuhos niya ito sa lupa.

207 Kita n'yo, ang Bahay ng Dios, ang nakakapagpalamig-kaluluwang tubig ng Jerusalem, na nasa itaas! Sabi ni Jesus, sa Juan 6:33, "Ako ay ang Tinapay ng Buhay. Ako ang Tinapay ng Buhay." *Bethlehem*, "bahay ng Dios," ang ating iglesia, makalupang iglesia ng Dios, ang iglesia na narito sa lupa. Gustong-gusto nating magtungo sa bahay-sambahan dito sa lupa, nguni't higit ang Jerusalem, na nasa itaas, na ang Dios. Ang Jerusalem sa itaas, na ang Dios! Higit na dakila ang pagkauhaw sa kaluluwang iyon, na maparoong kasama Niya, kaysa masiyahan lang ang sarili mo sa pag-anib sa isang iglesia kung saan. Kita n'yo, ang pag-anib sa isang iglesia ay hindi makapagbibigay-kasiyahan sa pagkauhaw na iyon. Pinatunayan ito ni David dito, ang mga tubig na mula mismo sa bahay ng Dios, kita n'yo, ibinuhos niya ito sa lupa; para makasumpong ng biyaya, upang makainom ng mainam na malamig na tubig mula sa Dios. Maging doon sa . . . Higit kaysa sa pagkauhaw na nasa inyo, ay ang pagkauhaw na iyon ng pagkauhaw ng kaluluwa para sa Dios.

208 Pansinin ang Jerusalem, na salita. "Ang Jerusalem ay mula sa itaas," ang Biblia ay nagsabi, "na ating . . . ay ang Ina nating lahat." At si Cristo ang ating Ina. Ating nalaman na ang Dios ang ating Ina, dahil sa tayo'y ipinanganak Niya. Ang salita ay nangangahulugan lamang na "kapayapaan," Jerusalem, *Shalom*. O, *Shalom*, na ibig sabihin ay "kapayapaan," Jeru-shalom, kita n'yo, nangangahulugang "kapayapaan."

209 Higit na dakila dapat ang pagkauhaw ng anumang kaluluwa, para sa tubig ng Buhay, kaysa sabihing kabilang ka sa isang iglesia; ang pagkauhaw ng kaluluwa ay hindi mapupuno, ang totoong tunay na pagkauhaw. Maaari itong mabaluktot. Maaari mong *isipin* na ikaw ay ayos lang kung mapabilang ka sa isang iglesia, nguni't hindi 'yon Ito. Hindi nun mabibigyang-kasiyahan



ang tunay na banal na pagkauhaw sa Dios. Sadyang hindi nito magagawa ito. Ito’y sadyang . . . Ito’y sadyang wala roon.

<sup>210</sup> Ngayon sinabi ni David, sa Mga Awit 42:7 dito, “Kapag ang kalaliman ay tumatawag sa Kalaliman, sa hugong ng Iyong mga baha,” ang pagtawag ng kaluluwa.

<sup>211</sup> Tingnan, madalas ko na itong ginagamit bilang isang paglalarawan. Kung may mga palikpik sa likuran ng isda, kinailangang mailagay ito roon para magamit niya sa paglangoy. Mayroon siyang pangangailangan para diyan. Ngayon paano kung sabihin niya, “Ako’y magiging kakaibang isda. Ako ay magiging magaling, edukadong isda. Uh-huh, ako—ako lamang. . . . Ako’y maniniwala sa isang tunay na teolohiya! Ako’y naniniwala na hindi ko kailangang magkaroon ng palikpik na ‘yon”? Hindi siya gaanong makakalayo sa tubig, magawa ba n’ya? At ‘yan ay talagang tama.

<sup>212</sup> Paano kung sinabi ng isang puno, “Ngayon, alam kong kailangan munang magkaroon ng lupa, para ako ay tumubo. Iya’y tama. Ako’y dapat na tumubo sa lupa. Nguni’t ako’y magiging kakaibang puno, gusto kong ilagay lamang nila ako rito sa gitna ng kalsada, para ako’y mapansin”? Kita n’yo, hindi siya mabubuhay nang matagal. Kita n’yo? Iya’y tama.

<sup>213</sup> “Kapag ang kalaliman ay tumatawag sa Kalaliman.” Kinakailangan ng higit pa sa pakikianib sa isang iglesia. Kinakailangan ng higit pa kaysa pakikipagkamay sa mangangaral. Kinakailangan ng higit pa sa pamumuhay ng isang mabuti, matuwid na buhay. Kinakailangan ng isang bagay para magbigay-kasiyahan sa loob mo, na bumubuhos mula sa Dios, tungo sa kaluluwa. “Ang kalaliman ay tumatawag sa Kalaliman, sa hugong ng Iyong mga baha, O Panginoon. Ang kalaliman ay tumatawag sa Kalaliman!”

<sup>214</sup> Anong uri ng pagkauhaw ang maiisip natin na nasa atin sa gabing ito? Tayo, bilang mga taong Pentecostal, saan tayo patungo? Anong uri ng pagkauhaw ang nasa atin? Anong uri ng pagkauhaw ang nasa akin? Anong uri ng pagkauhaw ang nasa inyo? Huwag n’yong subukang pigilan ‘yang banal na pagkauhaw sa Dios.

<sup>215</sup> Maraming taon na ang nakararaan, nang sila dati’y may mga ginto rito sa mga kabundukan. Nabasa ko ang isang kuwento, maraming taon na ang nakararaan, hindi ko ito nalilimutan. Sinasabi nito na may isang—isang prospektor na nagtungo rito saanman sa mga kabundukan rito, at naghahanap ng ginto, at nakahanap siya ng maraming kayamanan. At siya’y bumalik, iniisip; kapag siya’y nagtungo sa siyudad, kung anong magiging kalagayan niya, ang kaniyang mga kahirapan ay tapos na. At—at kaniyang—kaniyang sinikap na—na sabihin, “Bukas ako’y paroroon at ako’y. . . .” Isang araw na paglalakbay lang, siya’y

makakarating na sa siyudad, at siya'y may dala-dalang ginto. At siya'y may malalaking sako na puno nito.

216 Siya'y may asong kasama. Hindi sa paghahalintulad ngayon ng aso sa Espiritu Santo, nguni't bilang aking paglalarawan. Nguni't ang asong ito. . .

217 Sa buong gabi, ang prospektor ay nahiga sa kaniyang higaan, at—at nagsimulang mag-isip, "Ngayon, bukas aking—aking dadalhin ang lahat ng aking ginto, at ako'y magiging tulad lamang ng pinangarap kong maging. Ako—ako—noon pa'y pinapangarap ko nang maging mayamang tao. Ako—gusto kong magmay-ari ng maiinam na bagay, at iba pa."

218 At—at pagkatapos ang asong ito ay nagsimulang tumahol, at dahil sa may isang kalaban na paparating. At siya—siya'y lumabas doon, at sabi niya, "Tumigil ka!" At kaya nga ang aso ay tumahimik. At hindi pa nagtatagal na nakabalik sa higaan, siya'y nagsimula na para bang siya'y matutulog na, at ang aso ay nagsimulang muli, lumulundag lang sa tanikala. At siya'y muling nagtungo sa pintuan, sabi, "Tumigil ka! Gusto kong malaman mo na bukas ako'y mayaman na, kita mo," at 'yon ang kaniyang matatayog na pangarap. Nguni't ang aso ay nagsimulang tumahol muli.

219 At sa wakas, siya'y lubos na sumama ang loob, siya'y nagtungo at kinuha ang kaniyang shotgun at binaril ang aso, at pinatay ito. Sinabi niya, "Wala na akong paggagamitan sa iyo, kahit papaano. Bukas ako'y mayamang tao na. Ako'y magiging mayamang tao na, bukas."

220 At kaniyang inilapag ang baril sa sulok, tumalikod sa pinto, natulog. At 'yung taong sumusunod sa kaniya, ng ilang araw na, ay nakapasok at pinatay siya. Hindi siya naging mayaman, kita n'yo, pinahinto niya ang nagbibigay-babalang 'yon na nagsisikap na sabihin sa kaniya na ang buhay niya ay nasa panganib.

221 At, kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi mo kailanman maaaring. . . Huwag mo kailanmang patigilin 'yung banal na pagtawag sa iyong puso, kita n'yo, sa pag-anib sa isang iglesia, sa pagbibigkas ng kredo, sa pagiging kabilang sa isang organisasyon.

222 May isang bagay lamang na makapagbibigay-kasiyahan dito, iyon ang Katauhan, si Jesus Cristo. "Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, Oh Dios. Ang aking kaluluwa ay nauhaw sa buhay na Dios!" Kita n'yo, may isang bagay sa iyo, na nais makita ang pagkilos ng Dios. Ang iyong kaluluwa ay nauhaw para Dito. Huwag kang titigil sa anumang kulang Roon.

223 Huwag mong hayaan ang sinumang pastor na magsabi sa iyo, "Kailangan mo lamang makipagkamay sa kaniya, umanib

sa iglesia, o mapabilang sa *ganitong* organisasyon.” Huwag mong papatayin ang banal na pagtawag. Binabalaan ka Nito. Balang araw ay darating kapagka iyo nang narating ang dulo ng landas.

<sup>224</sup> Tulad ng isang dalagita sa siyudad na aming pinanggalingan. Sinabi niya sa . . . Isang dalagita ang dumadalo sa bahay-sambahan, at isang napakabuting munting batang babae. At siya ay naglalakad sa kalsada. Siya ay may mahabang buhok, alam n’yo, at ang kaniyang buhok ay nakaipit gaya ng madulas na binalatang sibuyas, halos, at ang kaniyang mukha ay parang . . . walang meykap. At dati ang batang babaeng ito’y pinagkakatuwaan siya noon, sabi, “Kung wala ’yang makinis na ulo na mangangaral ninyo ryan,” tinutukoy ako, sabi—sabi, “maaari kang magmukhang parang isang disente. Pero mukha kang isang bagay na mula sa tindahan ng mga antigo.” At, oh, talagang tinutuya siya nito, tuwing makikita niya siyang ganoon. Sabi, “Ang pastor namin ay may malawak na kaisipan.” Sabi, “Kaniyang—kaniyang—kaniyang alam ang mga iyan. Iyang, bakit n’yo ginagawa ang ganyan? Walang anumang kabuluhan iyan, kung paano kayong manamit o mag-isip.” Ito’y may kabuluhan! Sinasabi sa Biblia ng Dios na mayroon. Tayo’y mabubuhay sa bawa’t Salita.

<sup>225</sup> Kaya ang munting batang babaeng ito ay hindi nag-ukol ng kaunti mang pansin sa kaniya, nagpatuloy. Siya ay isa nang misyonera ngayon.

<sup>226</sup> Kaya sa gayon itong—itong dalagang ito ay nagkaroon ng nakakahawang sakit na seksuwal, at siya’y namatay. Ang kaibigan ko ang naglagay ng embalsamo sa kaniya noong siya ay namamatay na. Sinabi niya sa akin, sabi . . . Pagkatapos niyang mamatay, naaamoy niya lagi ang embalsamo. Mayroon siyang butas na kinain ang kaniyang tagiliran, nakakahawang sakit na seksuwal. Hindi man lamang nila . . . Maging ang kaniyang mga magulang ay hindi alam kung ano ang sakit niya. At siya’y namatay. Nguni’t bago siya namatay. . .

<sup>227</sup> Siya ay nagturo ng Sunday school. At ang lahat ng kaniyang munting grupo sa Sunday school ay pumasok roon, gusto nila siyang makita kapag siya’y papunta na sa Langit, ang mga Anghel ay paroroon at kukunin siya. At ang pastor niya sa labas, humihitit ng sigarilyo, naglakad-lakad nang pabalik-balik sa pasilyo ng ospital. At silang lahat ay aawit sa oras ng kaniyang pagpanaw, alam n’yo. Alam nilang siya’y mamamatay. Sinabi ng mga doktor na siya’y naghihingalo na, kaya kanilang lahat panoorin ang mga Anghel na pupunta roon, kukunin siya.

<sup>228</sup> At bigla-bigla, nang makaharap niya ang realidad! Ngayon, siya ay tapat na miyembro ng iglesia, siya ay guro sa Sunday school, isang tapat na miyembro ng isang mainam na malaking makadenominasyong simbahan. Nguni’t nang siya’y nagsimulang magpumiglas, nahawakan siya ng kamatayan; ang

kaniyang mata ay lumuwa, at sabi niya, “Ako’y napahamak!” Sabi niya, “Ako’y napahamak! Pumunta ka, tawagin ang pastor!”

<sup>229</sup> Kaniyang pinatay ang sigarilyo niya, at pumasok, sabi, “Dito na, dito na! Dito na, dito na! Tatawagin natin ang doktor para bigyan ka ng iniksiyon.”

<sup>230</sup> Sabi, “Ayaw ko ng iniksiyon.” Sabi, “Ikaw na manlilinlang ng mga tao! Ako’y mamamatay na, at ako’y papunta sa impiyerno. At ako’y napahamak dahil nabigo kang sabihin sa akin ang Katotohanan. Tawagin n’yo ’yung batang babaeng Goodhue, at dalhin n’yo siya rito sa akin, kaagad-agad. Siya’y tama.”

<sup>231</sup> Hintayin mo hanggang makaharap mo ang realidad minsan. Huwag mong subukang pigilan ang banal na pagtawag na iyon. Huwag mo Itong paputukan-palayo ng isang makabago, edukasyonal, doble-bariles na shotgun. Makinig ka sa babalang ’yon ng Espiritu Santo, sa gabing ito, na nagbababala sa iyo, “Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay; sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko.” At Siya ang Salita.

Iyukod natin ang ating mga ulo panandali.

<sup>232</sup> Gusto kong bumanggit ng isa pang Salita ng Panginoong Jesus, habang inyong pinag-iisipan ang tungkol dito. Sinabi ni Jesus, sa Mateo 5, “Mapalad ang mga nangagugutom at nangauuhaw.” Pinagpala pa nga ang magkaroon ng gayong pagkauhaw sa inyo. Naranasan na ba n’yo ang isang kalalagayan na ang inyong—inyong—inyong buong sistema ay sobrang pinarumi ng denominasyonalismo, at mumunting mga paniniwala at mga grupo, at mga bagay, maliliit na panuntunan sa iglesia, panlipunan, tulad sa pag-anib sa mga samahan, at iba pa, palipat-lipat ng simbahan? Nagawa na ba ng Diablo na ilagay ang maruming tubig na ’yon, at ikaw ay umiinom dito, gaya ng baboy sa labangan? Gayong, hindi mo man lamang alam kung ano ang tunay na pamatid-uhaw ng Dios; na makita Siya, isang realidad, sa pamamagitan ng Espiritu Santo na nabubuhay sa inyo, at naghahayag. Kung kayo’y—kung kayo’y ganoon sa gabing ito, kung kayo ay nauuhaw pa rin sa Dios, hayaang sabihin ko sa inyo:

May isang Bukal na puno ng Dugo,  
Nagmumula sa mga ugat ni Immanuel,  
Kung saan ang mga makasalana’y naghuhugas  
sa baha,  
Nawalang lahat ang kanilang mantsa ng  
sala.

Ang naghihingalong tulisan ay nagalak na  
makita  
Ang Bukal na ’yon sa kaniyang araw;

Doon ako nawa, makasalanan mang tulad  
niya,  
Ay maghugas ng lahat kong sala.  
Magmula nang sa pananampalataya'y aking  
nakita yaong batis  
Na ang Iyong umaagos na dugo'y ibinibigay,  
Mapagtubos na pag-ibig ang aking naging  
paksa,  
At magiging gayon hanggang sa ako'y  
mahimlay.

<sup>233</sup> Kung ika'y may gayong pagkauhaw sa gabing ito, na magkaroon ng higit na kaalaman tungkol sa Dios, at para lalong mapalapit sa Kaniya, maaari mo bang itaas ang iyong mga kamay ngayon habang ang bawa't ulo ay nakayukod, sabihin, "Ipanalangin mo ako." Oh Dios, masdan ang mga kamay!

<sup>234</sup> Doon sa lupain kung saan naririnig ang palatuntunang ito ngayon, mula sa Silangan, Hilaga, Kanluran, at Timog, kayo na nasa mga silid, itaas ang inyong mga kamay sa mga pastor at ano pa mang nariryan, na kayo'y nagnanasa; kayo—isang bagay nasa inyo, nauuhaw sa Dios. Ang banal na pagkauhaw na iyan!

<sup>235</sup> Huwag mong bigyang-kasiyahan ito. Oh, sinasabi mo, "Kapatid na Branham, ako—ako'y sumigaw minsan. Ako'y sumayaw sa Espiritu." Huwag, huwag, huwag mong kunin 'yan. Hindi.

<sup>236</sup> Maghintay ka hanggang sa ang kasiyahang iyan ay dumarating, ang kasiyahang Bahagi ng kabuuan ng Espiritu Santo ay pumapasok, kung magkagayon itong mga kampana ng kagalakan ng pagsigaw, at pagsasalita sa iba't ibang wika, at pagsasayaw sa Espiritu, ay darating. Hindi mo kailangang gawin ito alinsunod sa musika. Gagawin mo ito habang ikaw ay nasa daan, sa iyong sasakyan. Gagawin mo ito habang iyong winawalis ang sahig. Gagawin mo ito habang ikaw ay nagpupukpok ng pako sa dingding, sa iyong pagkakarpentero. Saan ka man naroon, ang Kagalakang iyan na hindi kayang bigkasin ng bibig at puno ng kaluwalhatian!

Ngayon tayo'y manalangin.

<sup>237</sup> Minamahal na Makalangit na Ama! Matagal, mahaba, napatagal, ang munting Mensaheng ito ngayong gabi, nguni't, Minamahal na Dios, nawa ang Iyong Espiritu Santo ang maghatid ng—ng kahulugan nito sa bawa't puso. Sa bahay-sambahan na ito mismo, ngayong gabi, sadyang mayroong napakaraming itinaas na kamay, sa buong palibot ng mga bulwagan at sa lahat ng dako. Kami—kami'y dumadalangin, mahal na Dios, para sa kanila. Oh, nawa ang nagbibigay-kasiyahang Bahagi ng Dios, na si Cristo, ang Pag-asa ng Kaluwalhatian, ang Pag-asa ng Buhay na nasa inyo, nawa Ito'y dumating sa bawa't isa sa kanila.

238 Sa buong bansa, mula sa California, patungo sa New York ngayon, kung saan madaling araw, sila'y nakikinig doon; doon sa—sa New Hampshire, at pababa roon sa Boston, at pababa hanggang doon sa Texas, patungo sa Indiana, palabas tungo sa California, at sa palibot. Oh Dios, masdan Mo ang mga kamay na iyan; masdan Mo kung ano ang nasa kalooban nila, Panginoon, ang pusong iyon doon na nagugutom at nauuhaw.

239 Ang baluktot na panahong ito, kung saan binulag ng Diablo ang mga mata ng mga tao, para lamang mapabilang sa iglesia, at sasabihin, “Iyan lamang ang kailangan mo.” At kanila pa ring tinitingnan ang kanilang mga sarili at nakikita ang kanilang ginagawa, at ang pagnanasang meron sila na maging katulad ng sanlibutan.

240 Gayong, sinasabi ng Biblia sa amin, “Kung aming iibigin ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Dios ay wala man lang sa amin.”

241 Isipin lamang, Ama, kung gaano niya mababaluktot ang totoong tunay na Salita, kung paanong kanilang masasabi, “Oh, pinaniniwalaan namin ang Biblia, nguni't hindi *Ito*. Hindi namin pinaniniwalaan *Ito*. Kami'y naniniwalang *Ito* ay para sa ibang panahon. Kami'y naniniwalang *ganito* Iyon,” dahil sa, ang ilang denominasyon ay binaluktot ang kanilang mga isipan papasok sa lublubang iyon.

242 Gayong, sabi ni Jesus, “Sino mang mag-alis ng isang Salita *Rito*, o magdagdag ng isang salita *Rito*, ang kaniyang bahagi ay aalisin sa Aklat ng Buhay.”

243 Minamahal na Dios! Isipin ang mga kabiguan doon sa Paghatol, nang ang mga tao'y namuhay ng mabuti, malinis, banal na pamumuhay, dumadalo sa simbahan na may buong katapatan, at mapahamak.

244 Isipin ang mga Fariseo na 'yon, paanong, mula sa pagkabatang lalaki, sila'y nagsanay sa Salita, nag-aral sa mga eskuwelahan at lahat na, banal (kinakailangan, o sila'y babatuhin hanggang sa mamatay), at sinabi ni Jesus, “Kayo'y sa inyong amang Diablo.”

245 Kung paanong ang Israel ay nagtungo roon! At hayaang ito ay maging babala sa mga Pentecostal, Panginoon, sa buong bansa. Kung paanong si Moises, isang propeta, ay bumaba sa Ehipto upang tuparin ang Salita ng Dios, upang dalhin ang liwanag sa gabi sa kanila! Kung paano nilang nasaksihan ang mga dakilang himala ng Dios! Kung paanong sinundan nila siya, tumawid sa Dagat na Pula, nangabautismuhan sa kaniya, nagtungo sa ilang at kumain ng pagkain ng mga Anghel na nahulog mula sa Langit. At pagkatapos ay tinanggihan na tanggapin ang lahat ng Salita, nang sila'y bumalik mula sa Kadesh-barnea . . . patungo sa Kadesh-barnea, mula sa—mula sa lupang pangako, at sinabi, “sila'y parang mga higante; hindi

natin ito kaya.” Gayong, sinabi ng Dios, “Ibinigay Ko na sa inyo ang lupain”! Border line! Sinabi ni Jesus, “Sila nga, bawa’t isa, nangamatay. Sila ay patay,” naligaw, walang Dios, kahit ginawa nila lahat ang mga bagay na ito. Kanilang nakita ang mga himalang ito; nasiyahan, sumayaw nang pabalik-balik sa baybayin, kasama si Miriam, nang kanilang patugtugin ang tambourine. At tatlo lamang, sa dalawang milyon, ang nakapasok.

<sup>246</sup> Aming napagtanto, Ama, na kapag ang semilya, ang punla mula sa lalaki at babae, ay nagtagpo, may isa lamang, mula sa isang milyon, na tinanggap. Isang punla mula sa lalaki ay matatagpuan ang hinog na itlog ng babae, ang babae, at ang isang milyong iba pa ay namamatay.

<sup>247</sup> May isang milyon, dalawang milyon, na lumabas sa Egipto; dalawa, sina Josue at Caleb, ay pumasok sa lupain. Isa sa isang milyon. Ama, ako—ako’y nanginginig kung aking iniisip iyon. Iniisip, sa buong mundo ngayon, limang daang milyong mga Cristiano, ’yon ay limang daan kung Ikaw ay darating ngayong gabi. Oh Dios, alalahanin namin na bawa’t Salita ng Dios ay nakatayong, isang alaala. Dapat naming sampalatayanan Ito. Dapat naming sundin Ito.

<sup>248</sup> At nang sinabi Mo, “Mangagsisi kayo, bawa’t isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagka’t sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios.” At, Dios, patuloy Ka pa ring tumatawag, sa gabing ito, at ang pangako ay habang Ikaw ay tumatawag.

<sup>249</sup> At ang mga mangangaral ay binaluktot ang mga kaisipan ng mga taong iyon, at pinangunahan ito sa pamamagitan ng edukasyonal, denominasyonal na paaralan ng teolohiya, tungo sa isang bagay upang sabihin, “Oh, ika’y maniwala lamang.” Ang Diablo ay naniniwala rin, nguni’t hindi niya maaaring matanggap ang Espiritu Santo. Si Judas Iscariote ay isang...ginawa lahat ang—ang iba, na ginawa ng mga alagad, ipinangaral ang Ebanghelyo; nguni’t nang panahon na upang matanggap niya ang Espiritu Santo, ipinakita niya ang kaniyang kulay.

<sup>250</sup> Dios, nawa ang mga mamamayan ng bansa ngayong gabi ay mapagtanto iyon, kung wala ang karanasang iyon, sila ay mapahamak. Nawa’y mangyari ngayong gabi na ang kanilang mga kaluluwa ay masiyahan sa Iyong Bahagi, Panginoon, habang aming ipinagtatagubilin sila sa Iyong kamay. Sila’y sa Iyo, Panginoon. Kami lamang ay may-pananagutan sa Salita. Dalangin kong kanilang sampalatayanan ng kanilang buong

puso, at mapuspos ng Espiritu Santo. Aming hinihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen

I love Him, I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>251</sup> Oh, Siya ba ang Bahaging nagbibigay-kasiyahan ninyo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, naku! Mahal ba n'yo Siya ng inyong buong puso? ["Amen."] Ngayon, silang mga Salita kung minsan ay nakakasakit, nguni't tayo'y umawit lamang sa Espiritu ngayon, kita n'yo, bawa't isa sa atin ngayon. Ating kamayan ang kapatid na lalaki sa tabi n'yo, kapatid na babae, at sabihin lang, "Pagpalain ka ng Dios, manlalakbay," habang ating inaawit itong muli. [Si Kapatid na Branham ay nakikipagkamay sa mga tao.]

I love Him, I love Him  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

<sup>252</sup> Ngayon tayo'y nakikipagkamay na sa isa't isa. Ngayon atin lamang ipikit ang ating mga mata at umawit sa Espiritu, itaas ang ating mga kamay sa Kaniya.

I love Him, I love Him,  
Because He first loved me  
And purchased my salvation  
On Calvary's tree.

O, hindi ba Siya kahanga-hanga?

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,  
The Counselor, Prince of Peace, Mighty God is  
He;  
Oh, saving me, keeping me from all sin and  
shame,  
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!  
Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me,  
Counselor, Prince of Peace, Mighty God is He;  
Saving me, keeping me from all sin and shame,  
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

<sup>253</sup> O, kayo ba ay sumigla sa inyong karanasan kay Cristo? [Nagalak ang kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ba Siya'y kahanga-hanga? Hindi ba Siya'y nagbibigay-kasiyahan?

I once was lost, now I'm found, free from  
condemnation,  
Jesus gives liberty and a full salvation;  
Saving me, keeping me from all sin and shame,  
Wonderful is my Redeemer, praise His Name.



Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me,  
 Counselor, Prince of Peace, Mighty God is He;  
 Oh, saving me, keeping me from all sin and  
 shame,  
 Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

<sup>254</sup> Naniniwala ba kayong 'yan ay nasa Kasulatan? [Sabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang Biblia ay nagsabi, "Ipalakpak ang inyong mga kamay. Magkaingay kayo na may kagalakan sa Panginoon." Alam n'yo, lagi ko nang inaasam na tumugtog. Ang aking anak na babae, si Rebekah, ay nag-aaral ng piano. Ang aking maliit na anak na lalaki ay nag-aaral ng trumpeta. Nguni't ako—ako nga'y natuto ng isang instrumento na sampung-kuwerdas. [Si Kapatid na Branham ay nagsisimulang ipalakpak ang kaniyang mga kamay.]

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,  
 Counselor, Prince of Peace, Mighty God is He;  
 Saving me, keeping me from all sin and shame,  
 Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Mahal n'yo ba siya? [Sabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

We'll walk in the Light, a beautiful Light,  
 Come where the dewdrops of mercy are bright;  
 Shine all around us by day and by night,  
 Jesus, the Light of the world.

We'll walk in the Light, it's such a beautiful  
 Light,  
 It comes where the dewdrops of mercy are  
 bright;  
 Shine all around us by day and by night,  
 Jesus, the Light of the world.

<sup>255</sup> [Si Kapatid na Branham ay nagsisimulang ihiging, "Si Jesus, ang Ilaw ng Sanlibutan," at pagkatapos ang kongregasyon ay humiging din kasama niya—Pat.] Sambahin ang Dios ng buong makakaya n'yo.

When the saints go marching in,  
 When the saints go marching in,  
 Lord, I want to be in that number  
 When the saints go marching in.

Oh, when they crown Him Lord of all,  
 When they crown Him Lord of all,  
 Lord, I want to be in that number  
 When they crown Him Lord of all.

Oh, when the sun refuse to shine,  
 When the sun refuse to shine,  
 Lord, I want to be in that number  
 When the sun refuse to shine.

<sup>256</sup> Ibig ba n'yo 'yan? [Sabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon iniisip ko kung binago na ang inyong mga paa, hindi na kayo sumasayaw, doon para sa sanlibutan? Kita n'yo? Ating ipadyak ang ating mga paa, sa Panginoon, sa Panginoon. Kayo, ang inyo bang mga kamay ay binago na, hindi na kayo nagnanakaw? Ang inyong mga labi ay binago na, hindi na kayo nagsisinungaling? Huwag lamang n'yong ilagay ang relihiyon sa inyong ulo, ilagay ito sa lahat ng bahagi n'yo. Iyon ito. Kinakailangan ang kabuuang tao. Iya'y tama. Ngayon ating ipadyak ang ating mga paa.

When the saints go marching in,  
When the saints go marching in,  
Lord, I want to be in that number  
When the saints go marching in.

Oh, when the saints go marching in,  
When the saints go marching in,  
Lord, I want to be in that number  
When the saints go marching in.

Ngayon, atin lamang itaas ang ating mga kamay.

When the saints go marching in,  
When the saints go marching in,  
O Lord, I want to be in that number  
When the saints go marching in.

When they crown Him Lord of all,  
When they crown Him Lord of all,  
Lord, I want to be in that number  
When they crown Him Lord of all.

<sup>257</sup> Mahal n'yo ba Siya? [Ang kongregasyon ay nagalak, "Amen! Luwalhati! Aleluya!"—Pat.]

Then we'll walk in the Light (Siya ang  
Liwanaag, alam n'yo), It's a beautiful Light,  
It comes where the dewdrops of mercy are  
bright;  
Well, shine all around us by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.

<sup>258</sup> Naniniwala ba kayong Siya ang Liwanaag ng sanlibutan? [Sabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kayo ba? Sinabi ni Pablo, "Kung ako'y umaawit, ako'y aawit sa Espiritu. Kung ako ay sumasamba, ako'y sasamba sa Espiritu." Kita n'yo, ano man ang inyong gawin, gawin itong lahat sa Espiritu. Iya'y tama. At ang Espiritu ang nagbibigay-Buhay sa Salita. Iyan ba'y tama? Iya'y tama. Opo, ginoo.

All ye saints of Light proclaim,  
Jesus, the Light of the world;  
Grace and mercy in His Name,  
Jesus, the Light of . . .

Pagkatapos ano ang gagawin natin?

We'll walk in the Light, beautiful Light,  
Come where the dewdrops of mercy are bright;  
Shine all around us by day and by night,  
Jesus, the Light of the world.

<sup>259</sup> Ipagpaumanhin na naguluhan kayong mga manunugtog, tulad niyan, nguni't ako'y natangay lamang. Wala na akong alam na hihigit kaysa ang sumamba lamang. Sa ganoong paraan n'yo ito isinasagawa. Opo, ginoo. Ako'y nagpapasalamat sa ganitong pagkakataon, Kapatid na Mack, na maparito at makasama ka, at ang iyong iglesia rito ngayong gabi, lahat ng mga mabubuting taong ito.

<sup>260</sup> At kayong nagtaas ng inyong mga kamay para sa bautismo ng Espiritu Santo, ako'y nagtitiwalang makikipagkita kayo kay Pastor Mack dito, o ilan sa kanila, at babalik sa isang silid dito. At tandaan lamang, nang salitain ng Dios ang Salita nang pasimula, at nagsabi, "magkaroon," kailangang magkaroon! At sinabi Niya, "Mapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, sapagka't sila'y bubusugin." Kita n'yo, kinakailangan itong maganap. Pumarito upang dalawin ang inyong pastor dito, at tumayo sa tabi niya habang kaniyang ipinangangaral ang Ebanghelyo.

<sup>261</sup> Ngayon ating awitin muli ang mainam na lumang awitin, sadyang gustong-gusto ko iyon, "Tayo'y lalakad sa Liwanang."

<sup>262</sup> Sinabi ni Jesus, "Ako ang Ilaw," at kayo'y nasa Kaniya. Kita n'yo? Paano kayo sasa Kaniya? Pagsama sa Kaniya? Hindi. Pakikipagkamay? Hindi. Bautismo sa tubig? Hindi. "Sa isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat sa isang Katawan, na siyang Katawan ni Cristo." At sa Katawan na iyon ay may siyam na kaloob na espirituwal na gumagawa sa lokal na katawan, sa lokal na iglesia. Iyan ay mula sa mga apostol, kung aking nalalaman kailanman ito. Iya'y tama.

So we'll keep in the Light, in the beautiful  
Light,  
It comes where the dewdrops of mercy are . . .

[Si Kapatid na Branham ay nakipag-usap kay Pastor Mack—Pat.] Mabuti! . . .? . . .

Shine all around us by day and by . . .

[Si Kapatid na Branham ay nakipag-usap kay Pastor Mack—Pat.] Naging isang totoong kagalakan! [Sabi ng Kapatid na Mack, "Salamat sa iyo, kapatid. Salamat sa iyo."]



*PAGKAUHAW TAG65-0919*

(Thirst)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Setyembre 19, 1965, sa Grantway Assembly Of God sa Tucson, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)